


MGA HEBREO,

IKAPITONG KABANATA ²

 Pagpalain kayo! Siguro, unahin, natin ang munting sanggol dito, nabanggit kasi sa akin kani-kanina ni Doc, na kapatid ko, kapatid ko sa laman, na may nais daw . . . para sa paghahandog. At ngayon sa mga nanay riyan na nagnanais na maihandog ang kanilang mumunting supling sa Panginoon, nagagalak kaming maihandog sila ngayon dito kaya pumarito lang po sila, dalhin lang ang kanilang mumunting supling dito.

²³⁹ Ngayon, napakaraming tao, kanilang, 'yung tinatawag nilang, binibinyagan ang sanggol. Ginagawa 'yun ng iglesyang Methodist, at sa palagay ko pati Nazarene. Hindi ako sigurado. Hindi po pala. Sa pagkakaalam ko 'yun ang naging dahilan at nagkahiwalay sila, dahil sa pagbibinyag ng sanggol, ang Nazarene at ang Free Methodist. Ngunit, ano't anupaman, may ilan sa kanilang, 'yan ang ginagawa at may ilan naman na iba. Mayroon nga, 'yung iba may pabuhos-buhos ng kaunting tubig sa sanggol. Yung iba pawisik-wisik naman. Pero, tayo sinisikap nating manatiling malapit sa Biblia sa tuwi-tuwina sa abot ng nalalaman natin. Ngayon, wala po kasing Kasulatan sa Biblia para wisikan natin ang sanggol, ni wala ring Kasulatan sa Biblia para wisikan natin ang sinuman. Hindi 'yan nakabatay sa Kasulatan. Kaugalian 'yan dun sa simbahang Katoliko.

²⁴⁰ Ngunit sila—ngunit sila noon, dinala . . . Dinala nga nila ang maliliit na bata kay Jesus. At—at nararapat lamang na tayo'y kumatawan sa Kanya. Nais nating gawin ang siya ring ginawa Niya. Ipinatong Niya ang mga kamay Niya sa mga bata at—at pinagpala sila, at sinabi, “Pabayaan ninyo ang maliliit na bata na magsilapit sa Akin, at huwag ninyong pagbawalan sila, sapagkat sa mga ganito ang Kaharian ng Langit.” At iyan nga ang ipinagpapatuloy nating gawin dito sa tabernakulo, dahil sinisikap nating ipagpatuloy ang tunay at naaayon sa Bibliang, itinalagang paraan, sa abot ng nalalaman natin.

²⁴¹ Kaya ngayon, sa nanay po, o sa mga nanay na dala-dala ang supling nilang ihahandog, habang tinutugtog ni Kapatid na Gertie ang *Bring Them In*, sige po, dalhin n'yo na sila rito sa may altar. Ang ating Kapatid at ako'y bababa at ihahandog ang mga maliliit na bata sa Panginoon. Sige.

Kapatid na Neville. [Inihahandog nina Kapatid na Branham at Kapatid na Neville ang mga bata. Blangkong bahagi ng teyp—Pat.]

242 Salamat, Kapatid na Gertie. Napakainam nga n'yan. Ilan po rito ang gustong-gusto ng maliliit na bata? Kung hindi, may kung anong mali yata sa inyo, may mali yata.

243 Ngayon, sa gabing ito, siguro'y dumako na tayo sa iba pang bahagi ng gawain. Ating . . . ang dahilan kung bakit narito ako uli ngayong gabi. Kadalasan kapag ganitong mga araw na may mga gawain tayo ng pagpapagaling, isang beses lang akong nagdaraos n'yan, dahil natitigatig ako. Hindi n'yo rin masabi kasi. At kung kailan pang narito ako sa lugar natin dito ay dobleng tindi ang pagkatigatig ko kaysa sa ibang lugar.

244 At nais ko pong humingi ng paumanhin sa nangyaring kalituhan kaninang umaga. Hayan nga't noong una pa lang ay natitigatig na ako, nung lapitan ako ni Billy para sabihin sa aking hindi siya makahanap ng sapat na tao para maabutan ng prayer card. Nasa labindalawa o labing-apat lang siguro ang naabutan niya. At naroon sa kanya 'yung . . . Wala na raw ibang may gusto ng prayer card. Kaya ipinalagay kong ayos na ang lahat. Kaya naman, dahil ayos na, hindi ko na inisip na . . . Hayan nga't noong sinimulan ko nang tawagin ang mga prayer card, iniisip kong lalapit lahat 'yung sampu o labindalawa, ba 'yun na naabutan dito. Tinawag ko na. Nung makarating ako sa isang bilang, hayan nga, wala namang kumikibo. At tinawag ko uli. Wala pa ring sumasagot. At hindi ko maintindihan kung bakit nagkaganoon hanggang sa tawagin ni Gng. Wood ang aking pansin. Sabi niya, "Kapatid na Branham, hawak ni Billy 'yung mga card at binabalasa ang mga 'yun, at ipinamimigay pagkatapos. Siguro naiwan lang 'yung bilang tatlo," ('yun nga ba 'yun?) "bilang tatlo sa bulsa niya."

245 Hayan nga't, kadalasan namang naipamimigay niya ang buong limampu. Kapag handa na siyang ipamigay ang mga 'yun sa mga tao, babalashin niya muna 'yun. Para naman ang lahat . . . Walang magsabing, "Ibigay mo sa akin ang bilang isa" Kasi, maaaring hindi tayo mag-umpisa sa bilang isa. Maaaring mag-umpisa tayo sa limampu, hindi n'yo alam, at bibilang tayo pabalik. Maaaring mag-umpisa naman tayo sa walo at sunud-sunod na. Maaaring mag-umpisa rin sa dalawampu at sunud-sunod na. Hindi natin alam. Hayan nga't binabalasa niya muna ang mga 'yun at ipinamimigay 'yun sa mga tao kung nais nila. At hayan nga't, nawala sa isip ko kaninang umaga, na kung tatawagin ko 'yung bilang apat o lima, baka walang sumagot, dahil baka nasa bilang dalawampu o tatlumpu ang hawak-hawak ng mga tao, kita n'yo. At, buti na lang, at isinaayos ito ng Panginoon, ngunit sadyang wala po itong—itong matinding tigatig, gaya ng kung nasa ibang dako malayo sa ating lugar. Sisikapin kong hindi na talaga gawin 'yun—gawin pa 'yun uli.

246 Hayan nga't, dito sa atin hindi pa katagalan, hiniling ko sa Panginoon na kung pagkakalooban Niya tayo ng isang mainam na pagtitipon dito, ipinangako kong hindi ko na—hindi ko na

hihilingin pa 'yun sa Kanya, dahil talagang napakahirap nito. At salungat ito sa Kasulatan. Kita n'yo? At kung inyo ngang. . . Hayan nga't napakahirap nito sa akin. Sapagkat, sa pagkaalam ko kung anong nararapat, ramdam ko ang—ang pagkagapi, sa simula't sapul. Kita n'yo? Gapi na ako, sa simula pa lang.

²⁴⁷ Sa kabila n'yan, may tumawag sa isang kapatiran kaninang hapon. Tinawagan nito si Gng. Wood. At ang sabi, raw, "May kapatiran sa simbahang tumawag kaninang umaga, tungkol sa isang lalaking malubhang, malubha ang sakit, na lumapit kay Cristo kaninang hapon, pagkatapos." Ang sabi'y lumapit daw ang—ang lalaking ito na may malubhang sakit kay Cristo.

²⁴⁸ At may isa pang nangyari, sinabi sa akin ni Gng. Wood na nakausap ko raw ang kapatid niyang babae, ang nakatatanda niyang kapatid, na nasa bahay pa nga raw niya ako nung isang araw at nananghalian kasalo niya, o hapunan kasalo niya, doon sa Kentucky. At alam ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat na hindi ko kailanman nakikilala ang babaing ito. Kita n'yo? Siyanga. Sadyang. . . Napaka makapangyarihan talaga ng mga pangitain. Hindi natin alam kung papaano 'yun matutupad o kung anu-anong mangyayari. Nasa Diyos ang pasya, kung ano—kung ano ang puwedeng maganap. Pero nalaman ko rin, nung hinihintay ko sila, hinihintay roon.

²⁴⁹ At nung isa namang araw nung narito 'yung dalagitang 'yun, na ipinagpapalagay na may espirituwal na pagkilala, na sa tingin ko naman, hindi. . . Kita n'yo, kung ipagkakaloob 'yun ng Diyos sa buong mundo, magiging napakainam nun; subalit kung tama nga 'yung babae, salungat 'yun sa sinabi Niya sa akin dito sa pagtawid ng kalsada, kita n'yo, ilang taon na ang nakalilipas. At nais nga nating makatiyak na tama nga 'yun, at hayaan ang iglesya, dahil narito sila noon, at nakita 'yun. At gayon na nga't tinawag ko ang isang Gng. Snyder. Ang Kapatid na babaing Snyder. Sa palagay ko'y narito siya ngayon. Medyo hirap lang siyang makarinig. At 'yung munting dalagita'y binulungan siya, at ang sabi, "May rayuma ho kayo," o arthritis, parang ganoon.

²⁵⁰ Pero, alam kong bali sa balakang 'yun. At kaya naman, at pagkatapos ay kinumpirma ng Espiritu Santo na 'yun nga 'yun kaninang umaga. Kita n'yo?

²⁵¹ Ngayon, ano ito, isa itong Makalangit na kaloob, at malaya itong kumikilos. Subalit ang mahirap lang dito sa siyudad, tatapatin ko po kayo, ako—ako ay natitigatig, palagi, sa tuwing mananalangin ako para sa mga maysakit dito. Hayan—hayan nga't. . . tatayo ako rito, sasabihin ito sa mga tao. Tatayo ako, sasabihin, "Sa oras na ito'y pinagaling na kayo ng Panginoon. Pinagaling na kayo ni Jesus noong namatay Siya para sa inyo, labinsiyam-na-raang taon na ang nakalipas. Doon mismo ay pinagaling na kayo. Ngayon, para sa Diyos, para kay Cristo, pinagaling na talaga kayo, labinsiyam-na-raang taon na ang

nakalipas. Wala na ang karamdaman n'yo. Kinakailangan lang ng pananampalataya n'yo para mapangyari 'yun."

252 At pagkatapos ay lalakad na kung saan ang taong ito at hindi pa rin magaling. Pagkatapos makakasalubong n'yo siya, sasabihin, "Sinabi sa akin ni Kapatid na Branham na magaling na ako." Kita n'yo? Ang sinasabi ko lamang sa inyo ay kung ano ang sinabi ng Diyos.

253 Ngayon, kapag direktang sinabi ito sa isang tao, direkta po, "Na GANITO ANG SABI NG PANGINOON," tungkol sa isang bagay na magaganap. Patutunayan nun sa inyo doon mismo na sigurado na ang kagalingan ninyo. Tiniyak na 'yan ng inyong pananampalataya. Kita n'yo? Nasa inyo na ang pangako. Hindi ko ito salita. Salita ito ng Diyos, na magaling na kayo. Kita n'yo? Subalit ang nangyayari sa inyo. . . . Hayan nga't, hindi ko—ko talaga kayang ipaunawa ito sa inyo nang malinaw, sa inyo na mga taga-Jeffersonville. Hindi ko—ko talaga magawa. Alam ko. Sisikapin kong ipaliwanag ito sa abot ng makakaya ko, pero sadyang hindi ito—hindi ito mangyari. Yun lang 'yun. Ang masasabi ko. . . .

254 Dito, hindi pa katagalan, nagpunta ako sa isang tahanan, ng isang lalaki, at naghihingalo na 'yung lalaki. At tinawagan nila ako, "Pumarito ka, ipanalangin mo siya. Sinabi ng doktor na hindi na siya makakaabot pa nang buhay kinaumagahan."

255 Pumasok ako. At ang sabi nung batang-bata pang lalaking 'yun sa akin, "G. Branham, ayaw ko pang mamatay." Pihado 'yun, hindi niya maaatim na mamatay agad. May pamilya siya't may dalawang anak pa nga.

256 Buweno, lumuhod ako. Sabi ko, "Ngayon, tumingin ka, sino ang doktor mo?" Sinabi niya sa akin. Sabi ko, "Ngayon, marahil sinabi ng doktor na ikaw nga, ikaw nga'y mamamatay na, subalit hindi pa sinasabi ng Diyos na mamamatay ka." Sabi ko, "Ngayon, ayon sa Biblia, magaling ka na, dahil namatay si Jesus para sa iyong kagalingan."

257 Sabi niya, "Naniniwala ka bang gagaling ako?"

258 Sabi ko, "Lubos kong sinasampalatayan 'yan."

259 Buweno, kung pumaroon ako't ipinanalangin ang lalaki, at hindi ko ginamit ang gayong klase ng pananampalataya, upang manampalatayang gagaling siya; kung pumaroon ako na, "Oh, naku, naku, kung sinabi na ng doktor na mamamatay ka, aba'y mamamatay ka nga. Wala nang magagawa pa." Ngayon, hindi ba't napakahina naman kung ganoong klase ang paparoon at mananalangin para sa maysakit? Kahit ako ayaw ko ng ganoon ang paparoon sa bahay, para manalangin para sa akin. Ang gusto ko'y isang tao, na kahit hindi niya nakita, kahit hindi pa, mananampalataya siya at tatayo sa pangakong nakalaan para sa akin. Siyanga. At sabi ko. . . . kanyang. . . .

260 Nagpatuloy kami at nanalangin. Sabi ko, “Ngayon tatagan mo ang iyong loob.”

261 Sabi niya, “Sinasabi mo bang gagaling talaga ako?”

262 Sabi ko, “Oo, naman. Sinabi ng Salita ng Diyos na gagaling ka. Kita mo, ‘Kung kaya mong makasampalataya, ang lahat ng bagay ay maipangyayari.’”

263 Sabi niya, “Sige, sasampalatayanan ko Ito.” At lumabas na ako at sinabi sa maybahay niya ang tungkol dun. . .

264 “Mamamatay na siya, mamatay kaya?”

265 “Oo, mamamatay.” At kaya nung sumunod na araw, namatay ’yung lalaki, o ilang araw pagkatapos nun.

266 Pagkatapos kung saan-saan na nagpupunta ’yung babae at umiinom-inom na pala at napariwara. At isa sa mga diyakono rito, sa paniwala ko, ng iglesyang ito, ang bumisita sa babae at hiniling sa kanyang manumbalik at dumalo muli sa simbahan. Sabi ng babae, “Wala na akong pinaniniwalaan. Nagpunta rito si mangangaral na Branham at ipinanalangin ang asawa ko, at sinabing mabubuhay siya, pero namatay naman pagkatapos ng dalawa o tatlong araw. Kaya, wala na akong tiwala.” Ngayon *siya* mismo ay naghihingalo na rin. Buweno.

267 Subalit, hayan nga’t, nakita n’yo na, ipinakikita lang n’yan na hindi iniintindi ng mga tao ang sinasabi mo. Kita n’yo? Ganoon na nga. Sa tuwing ipananalangin ko ang isang tao, ay lagi kong—kong sinasabi sa kanila na mabubuhay sila. Buong pananampalataya kong mabubuhay sila. Subalit, kahit pa, ang sabihin ko’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, pero di n’yo naman Ito sasampalatayanan, mamamatay pa rin kayo, n’yan. Walang pasubali. *Narito* ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, at marami sa kanila ang tumatanggap pa nga Nito pero nangamatay. Marami nga sa kanila ang napupunta ng impiyerno, gayong, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, “Pero di n’yo naman pinaniniwalaan.” Tama po ba? [Sinabing kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Tama. Kita n’yo? Nakabatay ito. . . Nakabatay ang lahat sa inyong pananampalataya.

268 Si Kapatid na Collins, sa palagay ko’y wala siya rito ngayong gabi. Pero sa napakinggan ko sa kanya nitong umaga, nagbigay siya ng napakatayang pananalita tungkol sa bagay na ito. Kita n’yo? Kita n’yo? Siya nga. Sabi niya, “Ngayon, ang siya ring pananampalatayang taglay n’yo rito, kakailanganing taglayin n’yo ’yun saanman. Sapagkat indibiduwal ninyong pananampalataya ito, hindi sa inyong denominasyon, kundi kay Cristo. Kailangang taglayin n’yo ang pananampalatayang ’yun.” Ganoon na nga mismo. Walang pasubali.

269 At ang Makalangit na kagalingan ay nakabatay sa inyong pananampalataya. Hayan nga’t ayon sa Salita ng Diyos, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, na pinagaling na ang

bawat tao noong mamatay si Jesus sa Kalbaryo, “Siya ay nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling *na tayo*.” Tama po ba? Nagsigaling *na tayo*. Sinabi ng Biblia, “Nagsigaling na kayo.” Kaya huwag n’yo akong sisihin, isa lamang akong mangangaral ng Salita. Pumaroon kayo’t sabihin sa Diyos na mali ang sinabi Niya sa inyo, at tiyak sasabihin sa inyo ng Diyos na dahil ’yan sa pagkukulang n’yo. Kita n’yo? Hayan nga’t, nakasalalay ito sa pananampalataya n’yo. Sinabi ni Jesus, “Kung kaya mong makasampalataya. Kung kaya mong makasampalataya.”

270 Ngayon, kapag narinig n’yo nang pinagtitibay ng Espiritu Santo ang pananampalataya n’yo at pinatatag na ito, at sinabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ‘Bukas sa *ganitong* oras, magkakaroon ka ng *ganitong* bagay. *Ganitong* bagay ang magaganap. Magaganap ito sa dakong ito sa *ganitong* paraan, at makakatagpo mo ang *ganitong* bagay rito. Isa na ’yung tanda sa iyo.’” Ngayon, bantayan n’yo ’yun maigi. Isa na ’yung tapos na gawa, sa oras na iyon mismo.

271 Hayan nga rin at pagdating sa usapin ng Makalangit na kagalingan, inilalagay ko ang Makalangit na kagalingan sa siya ring pamantayan, parehas na pamamaraan, gaya ng kaligtasan. Bawat isa sa inyo, kahit na ano pa ang nagawa ninyo, ligtas na kayo mula nang mamatay si Jesus, ’pagkat namatay Siya upang alisin ang kasalanan ng sanlibutan. Subalit walang maidudulot itong anumang kabutihan sa inyo hanggang sa personal n’yong tanggapin at maranasan ito. Pero pagdating naman sa inyong mga kasalanan, napatawad na ang mga ito. Siyanga. Siya. . . “Narito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.” Kita n’yo? Hayan nga. Ngayon tandaan n’yo ’yan.

272 Ngayon, alam ko na sa pagtuturo, ng mga Kasulatan, iba-iba tayo rito sa kongregasyon. At maraming pagkakataon, na dito sa Aklat ng Mga Hebreo, may kalaliman itong Aklat. . . Siguro’y iiwan ko muna pansamantala ito ngayon. Sisikapin ko muna ngayong gabi na tapusin ang huling bahagi ng ika-7 kabanata.

273 At ngayon napakaraming tanong sa inyong isip, wala pong duda. Marami sa inyo rito ang may mga tanong, at maging ako man, ay mayroon din. Ngayon, sa susunod, kung loloobin ng Panginoon, pagbalik ko rito. . .

274 Luluwas po ako sa Michigan ngayon. At pagkatapos, mula Michigan, magpapa-Colorado naman ako. At mula sa Colorado, sa Kanlurang Baybayin naman. Ngayon—ngayon, pagbalik po namin, kung loloobin ng Panginoon. . . Ngayon, hindi ko pa alam. Kung hindi ako makapunta ng Chicago, sa Linggo, baka naririto ako para sa darating na Linggo ng gabi.

275 Ngayon nasa mga anim na linggo na ring hindi nakakatayo ang ating pastor dito sa pulpito, mula ng—ng—ng, talakayin natin ang Aklat na ito rito. Kita n’yo? Ngayon tayo. . . Ayaw

ko sana 'yung ganoon. Si Kapatid na Neville ay talaga namang kaibig-ibig, kalugod-lugod, at mabait na kapatid. At natitiyak kong mahal na mahal ng iglesyang ito si Kapatid na Neville.

²⁷⁶ Siyanga pala, habang may pagkakataon pa akong sabihin ito; mayroong, taga-rito lang sa karatig bayan, ang aminadong sumulat ng liham, upang mapaalis si Kapatid na Neville sa pulpito. Talagang kailangan n'yong kausapin ako pagdating sa bagay na 'yan. Uh-huh. Siyanga. Uh-huh. Oo, ganoon nga. Ngayon, gusto kong ipaunawa . . . Patungkol sa kapu- . . . bagay na tungkol sa kapulungan ng mga diyakono. Walang anumang kinalaman ang kapulungan ng mga diyakono sa pastor. Wala, po. Ang kongregasyon, sa kalahatan, ang may kapangyarihan. Hindi ang . . . Ang kapulungan ng mga diyakono ay mga pulis lamang dito sa iglesya, para mapanatili ang kaayusan at iba pa. Ngunit pagdating sa mga alituntunin, kinakailangang ayunan ito ng buong iglesya. Nakatayo ang iglesya sa kapangyarihan ng lokal na iglesya. Samakatwid, wala sa akin ang pagpapasya sa pagpapa-alis sa pastor, o paglalagay man. Pagmamay-ari ko man ang lugar na ito; ibinigay ito sa iglesya. Kayo ngang lahat ang iglesya. Kayong mga tao ang may kapamahalaan. Kayo ang iglesya, mismo. At ang Iglesya, ang banal na Iglesya ng Diyos ang may kapangyarihan, ang Espiritu Santo sa Iglesyang 'yan. At ang tanging may kinalaman ako ay pagmamay-ari ko ang lugar, ibinigay ko nga ito sa iglesya, ibinigay ko para gawing simbahan, at hindi ito binubuwisan. At ang isang iglesya nga'y humihirang ng sari-sarili nilang pastor. Wala sa akin 'yung ganung pagpapasya. At ang tanging paraan lang na mapapaalis ang pastor, ay kung magpasya mismo ang pastor na umalis, o kung ang mayorya ng mga boto sa iglesya ay nagsasabing paalisin na nga, "Palitan na ang pastor." Ganoon ang tanging paraan. Walang kapulungan ng mga diyakono ang maaaring gumawa nun. Ang gawain ng kapulungan ng mga diyakono ay panatilihin ang kaayusan at ng iba pang mga bagay sa iglesya.

²⁷⁷ Ang mga tagapangasiwa nga, wala silang kinalaman dito, tagakumpuni lang sila ng simbahan. At hindi nga rin nila magagawa ito hanggang sa magkaroon muna ng . . . Magpulung ang buong kapulungan ng mga tagapangasiwa at magpasyang, "Itatayo natin ang *ganito*, o gagawin natin ang *gayon*." Pagkatapos kailangan nilang sumangguni sa taga-ingat ng pera kung may pondo sila para magawa iyon. Siyanga, po.

²⁷⁸ Samantala kung may anumang reklamo laban sa sinumang miyembro, kung may reklamo ang isang miyembro laban sa isa pa, o kung may mga bagay na mali, dapat n'yong puntahan ang kapatid na 'yun, kayo mismo; at kausapin siya, ikaw at siya lang. Pagkatapos kung ayaw nila itong tanggapin, kung ganoon dapat n'yo nang gawin ang susunod na bagay, dalhin n'yo ang isa sa mga diyakono o kung sinuman, at magpasama kayo sa kapatid na 'yun. Pagkatapos kung hindi niya kayo tanggapin, saka kayo

pumarito at sabihin na sa iglesia. Ngayon kung ang iglesia . . . Kung ayaw pa rin niyang tanggapin ang sinasabi ng iglesia, hayan nga't sabi ng Biblia, "Ipalagay mo silang tulad sa isang pagano at isang publikano." Ganoon nga.

²⁷⁹ At ang sinumang tao na nakakaalam na ang isang tao ay may pagkakasala, at hindi mo sila pupuntahan at kakausapin, kung gayon ay bahagi ka ng iglesia ng Diyos na mananagot para sa pagkakasalang 'yun. Siyanga.

²⁸⁰ At kung ang sinuman ay may—may reklamo laban sa isang diyakono, o laban sa diyakono o kung sino sa kanila sa iglesia, kailangan ng tatlong tao. Tatlong tao ang dapat pumunta para magsabi, sumaksi, na manggagaling mismo sa bibig ng dalawa o tatlong saksi. Pumunta kayo't sabihin sa pastor na may reklamo kayo laban sa isang diyakono. Hayan nga't kung may reklamo kayo laban sa isang diyakono, na ang diyakonong ito ay hindi—hindi tapat, hindi—hindi sakdal. Nararapat kasi na ang may katungkulan bilang diyakono, ay walang kapintasan, at walang makita sa kanyang kapintasan. At kung malaman ng kongregasyon na hindi ginagawa ng diyakono ang nakaatang na tungkulin, may magsasama dapat ng tatlo at idudulog ito sa pastor. Papakiusapan ang diyakono na manatili sa kanyang tahanan sa gabing iyon. At pagkatapos ang pastor . . . pupunta sa harap at titipunin ang kongregasyon, upang mapag-usapan ang reklamo. At kung iboboto ng kongregasyon na magpatuloy ang diyakono, magpapatuloy ang diyakono. Kung siya'y mag-. . . ibobotong maalis ang diyakono, sa mismong gabing ding 'yun ay maghahalal sila ng panibagong diyakono. Kita n'yo?

²⁸¹ Samakatwid, hindi lang sa isang tao nakasalalay ang bagay na ito. Mayorya dapat. Siyanga, po. Kung dalawampu ang bumoto para sa kanya, at dalawampu't isa naman ang bumoto laban sa kanya, maaalis siya; o, magpapatuloy kapag baligtad naman ang boto. Kita n'yo? Hayan nga, ang kapangyarihan ng lokal na iglesia at, hayan nga't, may karapatang maglabas ng saloobin ang bawat miyembro sa iglesia. Kung mayroon mang mangyari, na problema, maaari silang agad na magtipun-tipon, basta't siguraduhin lang nilang dumulog sa harapan ng Diyos upang lubos silang makatiyak na walang hadlang sa pagkilos ng iglesia.

²⁸² Sa kabila n'yan ang buo at kumpletong kapamahalaan ng iglesia ay ang pastor. Basahin n'yo 'yun sa Biblia, tingnan n'yo kung hindi 'yun kaayusan ng Biblia. Ganoon na ganoon nga ang sinabi. Walang mas mataas pa sa matanda sa iglesia. Wala nga akong anumang kinalaman sa kung anumang gawin dito ni Kapatid na Neville. Nasa inyo na 'yan at ni Kapatid na Neville. Kung gustong mangaral ni Kapatid na Neville ng doktrina ng Saksi ni Jehovah, nasa kanya na 'yun at sa inyo. Kita n'yo? Kung gusto niyang ipangaral ang anumang gustuhin niya, nasa pagitan n'yo na 'yun at niya. Ganoon nga 'yun. Kung boboto ang

kongregasyon para panatilihin siya roon, para ipangaral 'yun, ayos lang 'yun. Nasa kanya na 'yun.

283 Ang tanging bagay lang na may kinalaman ako, ay ako ang nagmamay-ari nitong lugar. At kung may mga bagay-bagay na kailangan ang pansin ko, gaya ng gusto nilang pababain ang pastor, at nais nilang pagbotohan 'yun, hayan nga't hindi n'yo maaaring hilingin sa isang diyakono na pangunahan kayo sa bagay na 'yan. Puntahan n'yo ako para makausap n'yo ako. Pupuntahan ko kayo, sasabihin, "Kung gusto n'yong pababain ang pastor, sabihin n'yo sa akin kung bakit. May nagawa ba siyang kung anuman?"

284 "Oo. Nahuli namin siyang, lasing. O, nahuli namin siyang *ganito* ang ginagawa, o gumagawa ng bagay na hindi tama."

285 "May tatlong saksi ba kayo rihan?"

286 "Oo. Mayroon kami."

287 Kailangan nga munang mapatunayang tama ang mga saksi. "Huwag kayong tatanggap ng sumbong laban sa matanda sa iglesya liban sa dalawa o tatlong saksi, at subukin muna sila kung may patunay; laban sa matanda." Pagkatapos ay dapat kayong manumpa, na nakita n'yo talaga; at patunayan 'yun, na nakita n'yong talaga.

288 At pagkatapos, na magawa n'yo 'yun, na ang nagkasala ay mapaalalahanan sa harapan, na, "Mali ito." Saka n'yo sabihin, "Kongregasyon, gusto n'yo bang palitan ang inyong pastor?"

289 At kung boboto ang kongregasyon na, "Patawarin siya, at hayaan pa siyang magpatuloy," 'yun dapat ang masunod. Kita n'yo? Ganoon nga, hindi ba't tama lang 'yun? Hindi ba't ganoon dapat ang pamamalakad sa iglesya? Ganoon nga ang sinabi ng Biblia. Wala tayo ritong obispo at katiwala, at lupon, at iba pa, na itatalaga na lang ang isang *ito* at may nakaatang na malaking kapangyarihan. Walang sinuman dito ang may kapangyarihan maliban sa Banal na Espiritu. Siyanga. Siya ang nagtatalaga. At kinikilala natin Siya bilang ang mayorya, kung anong pasya ng mga tao.

290 Hayan nga't matapos na *ganito* ang mapiling gawin ng isang panig, at ang kabila naman ay *ganoon*, at mananalo ang panig na 'yun. Ang panig na natalo, anong gagawin nila? Dapat silang sumama sa iba pa sa kanila, sabihin, "Mali pala, kami. Papanig na kami sa inyo, 'pagkat ang Banal na Espiritu ang gumawa ng pasya na 'yan." Kita n'yo? Ganoon dapat.

291 Katulad na lang ng mga Democrat at mga Republican, basta't nananatili tayo sa diwa ng demokrasya, mga Amerikano tayo. Kung ang manalo ay mga Democrat, dapat na umagapay ang mga Republican; kung mga Republican naman ang manalo, dapat na umagapay ang Democrat. Kita n'yo? Iyan ang dahilan kung bakit nakatayo pa rin tayo bilang isang bansa. Kapag

sumira tayo riyon, sinisira lang natin ang ating demokrasya. Siyanga. Kapag sinabi ng mga Democrat, “Hindi ako aagapay; Republican ba naman ang nanalo.” Babagsak tayo sa ganyan. Ako nga tubong Kentucky: pero sa pagbubuklod-buklod tayo’y tatayo, sa pagkakabaha-bahagi tayo’y babagsak.

²⁹² Ngayon, kung may nalalaman nga kayong mga kamalian sa iglesya, patungkol sa isang indibiduwal o isang tao o kung ano man, tungkulin n’yo ’yan at mananagot kayo sa harap ng Diyos kung pababayaan n’yo ang bagay na ’yan; kayo mismo, ang iglesya. Ngayon, pagkatandaan n’yo, hindi ito nakaatang sa mga balikat ko. Nakaatang ito sa inyo. At kung may anumang kamalian sa iglesya, pananagutin kayo ng Diyos sa bagay na ’yan. Siyanga. Sa ganyan ngang paraan Niya pinatatakbo ang Kanyang iglesya. Ganoon na ganoon nga ito sa Biblia. Ganoon ang kaayusan ng Biblia. Iyan ang kapangyarihan ng lokal na iglesya. Ang pastor ang ulo. Siyanga. Amen.

²⁹³ Ngayon, dumako na po tayo sa pinagpalang, matandang Mensahe rito. Hayan nga’t, talagang gustong-gusto kong malaman n’yo ang bagay na ’yan. Nirerekord nga ito sa teyp, alalahanin n’yo, ang Mensaheng ito. At ito ngang mga nirekord sa teyp patungkol sa iglesya, ang mga kaayusan at alituntunin ng iglesya, nakarekord po ito sa teyp. Nakaayon ang mga ito sa Biblia. Hindi natin ito minamando; wala pong nagmamando. Wala. Lahat tayo rito, pantay-pantay tayong lahat. Subalit, may pinuno tayo, ang pastor, hangga’t pinangungunahan siya ng Banal na Espiritu. Siyanga. Buweno.

²⁹⁴ Ngayon, dito, tiyak na napakarami kayong tanong. Kaya sa susunod na magbigay sila ng pagkakataon, at ipababatid ni Kapatid na Neville sa radyo na paririto ako, isulat n’yo lang ang mga tanong n’yo, upang kayo at ako’y makapag-usap sa bagay na ’yan. Maaari ba n’yong gawin? Sige.

²⁹⁵ Alam kong naituro ko na ang tungkol sa walang hanggang katiyakan ng mga banal. Naituro ko na ang kataas-taasang pagka-Diyos ni Jesus. Naituro ko na nga ang katiyakan para sa mananampalataya, ang paunang paghahalal, pagtatalaga, at marami pang mga bagay na gaya n’yan. Hayan nga’t, alam ko, maraming legalista sa kongregasyon dito, na ayos lang naman. Walang problema. Ngunit, ngayon, sa mga bagay na ito, ako’y isa ngang legalista, rin naman, at isa akong Calvinist. Ang Biblia ang lubos kong pinaniniwalaan. Ganoon ’yun.

²⁹⁶ Ngayon, kung sa mga bagay na ’yun, may mga katanungan kayo. At lalo na sa naituro ko tungkol sa mga katibayan, mga sensasyon, at iba pa, at sa lahat ng mga bagay na marahil ay hindi kayo sang-ayon. Hayan nga’t isa sa mga darating na gabi, siguro, gawin natin ito sa . . .

Nananabik na po ba kayong makabalik dito? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Hindi naman.”—Pat.]

Gawin natin ito sa Miyerkules ng gabi, itong darating na Miyerkules ng gabi, at sa—sa palagay ko’y narito ako—ako n’yan. Dalhin n’yo ang mga tanong n’yo sa Miyerkules ng gabi, ilagay n’yo rito sa entablado, ’yung mga tanong n’yo tungkol sa Biblia, sige, tungkol sa mga itinuturo ko ngayon. At sa gabi po ’yan ng Miyerkules. At pagkatapos sa susunod na Linggo, bale, siguro nasa—nasa Chicago ako, n’yan. At ako’y tutulak naman mula riyan patungong Michigan. Kung loloobin ng Panginoon, narito na ako ng gabi ng Miyerkules, upang sagutin ang tanong sa abot ng aking makakaya. At ngayon nawa’y mahabag ang Panginoon.

Ngayon iyuko natin ang ating ulo, pansumandali.

²⁹⁷ Ngayon, banal na Panginoon, narito po ang dakila Mong pinangangasiwaan. Narito po ang Iyong iglesya. Ikaw nga, Panginoon, ang kumikilos, at nagnanais kaming makakilos sa pagkilos sa amin ng Espiritu ng Diyos. At idinadalangin namin ngayon na pagpapalain Mo kami. At habang tinutugaygay muli namin ang Mensaheng ito, at dumadako muli sa malalalim na mga bagay na narito, idinadalangin naming ihayag ng Espiritu Santo ang mga ito sa amin ayon sa pangangailangan namin. Sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

²⁹⁸ Ngayon, oh, aking . . . Itong Aklat ng mga Hebreo, akin ngang itinuturing ito na isa sa mga dakilang Aklat.

²⁹⁹ Sa mga susunod na araw, ako nga’y marahil ako’y—ako’y magpupunta . . . mangingibayong-dagat, na, kung ipahihintulot ng Diyos, ay gagawin ko malapit-lapit na. Kinakailangan kong magpunta ng Aprika ayon sa isang pangitain. Sa palagay ko’y hindi ako magiging mapanagumpay sa aking mga pagtitipon hanggang sa makapunta ako ng Aprika para isakatuparan ang pangitaing ’yun. Ngayon, hayan nga’t, marahil sa darating na tagsibol na ’yan.

³⁰⁰ Ngunit bago ang panahong ’yan, nais kong talakayin ang isa pang aklat mula sa Aklat ng mga Hebreo, ’yun ay, ang ika-11 kabanata ng Mga Hebreo. At mananatili tayo riyan ng mga isang linggo sa ika-11 kabanata, at tatalakayin natin ang bawat isa sa mga katauhan o tauhang nariyan, at pagbubulay-bulayan natin ang kani-kanilang katangian. Kita n’yo? “Sa pananampalataya, si Noe,” tapos tatalakayin ang buhay ni Noe. “Sa pananampalataya, si Abraham,” tapos tatalakayin ang buhay ni Abraham. “Sa pananampalataya, si Abel,” tapos tatalakayin ang buhay ni Abel. Kita n’yo? At tutugaygayin natin ang lahat ng naroon. Gusto n’yo ba ’yun? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Oh, napakainam nga nun, matatalakay natin diyan ang buong Biblia. At hayan nga’t magagawa natin ’yan, siguro, sa, sabihin nating, buong sanlinggo o sampung araw na pagtitipon, sunud-sunod na pagtitipon, parang rebaybal, sa darating nitong panahon ng Kapaskuhan na walang pasok, o parang ganun, kung loloobin ng Panginoon.

³⁰¹ Ngayon, sa ika-7 kabanata ng Aklat ng mga Hebreo, nakilala natin ang dakilang Tauhang ito. May makapagsasabi ba sa akin kung ano ang Pangalan Niya? [Sinasabi ng kongregasyon, “Melquisedec.”—Pat.] Melquisedec. Ngayon, Sino itong si Melquisedec? Siya ang saserdote ng Kataas-taasang Diyos. Siya ang Hari ng Salem, na samakatwid Hari ng Jerusalem. Wala Siyang ama, wala Siyang ina. Wala Siyang panahon na naipanganak Siya, ni hindi Siya magkakaroon ng panahon na mamamatay Siya. Ngayon, nalaman nga natin na walang pasubaling Walang Hanggan nga iyon.

³⁰² Nalaman nga natin na ang salitang *magpakailanman* ay nangangahulugang “isang espasyo ng panahon.” Natatandaan n’yo pa ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Isang espasyo ng panahon, magpakailan at kailanman. At ang *magpakailanman* ay napatunayan na, nang maraming beses, sa Biblia bilang “isang—isang espasyo ng panahon.”

³⁰³ Subalit, ang Walang Hanggan, hayan nga’t may iisang uri lamang ng Buhay na Walang Hanggan, na nalalaman natin. Tama ba? Ang Diyos nga ang may Buhay na Walang Hanggan, lamang. Tama ba? Nag-iisang uri lamang ng Buhay na Walang Hanggan. Hindi puwedeng sabihing “Kaparusahang Walang Hanggan.” Sapagkat, kung parurusahan kayo nang Walang Hanggan, ibig sabihin may Buhay na Walang Hanggan pala kayo para maparusahan nang Walang Hanggan. Kakailanganin n’yo nga ang Wa- . . . At kung may Buhay na Walang Hanggan kayo, hindi kayo maaaring maparusahan, kita n’yo, kung mayroon kayong Walang Hanggan. “Ang dumirinig sa Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan.” Tama po ba? Buhay na Walang Hanggan, sapagkat sumasampalataya kayo. Buweno, kung may Buhay na Walang Hanggan kayo, hindi kayo maaaring maparusahan, sapagkat may Buhay kayo na *Walang Hanggan*. Kaya, kung magkagayon, kung maghihirap kayo sa impiyerno magpakailan at kailanman, nasa inyo dapat ang Buhay na Walang Hanggan.

³⁰⁴ Kaya naman, ngayon, naniniwala akong itinuturo ng Biblia ang isang literal na nagniningas na impiyerno. Itinuturo ’yan ng Biblia, na parurusahan ang mga kasalanan at kasamaan, magpakailan at kailanman. Hindi Walang Hanggan, ang sabi. Marahil ay tatagal nang sampung bilyong taon. Marahil ay tatagal nang isang daang bilyong taon, subalit darating sa puntong hahantong ito sa kawakasan. Sapagkat, ang lahat ng may pasimula, ay may katapusan. Yaong mga bagay na walang pasimula, wala ngang katapusan.

³⁰⁵ Naaalala n’yo pa ba ang araling ’yun ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kung papaanong tumugaygay tayo pabalik at nalaman nating ang lahat ng mga bagay na may pasimula ay binaluktot, kita n’yo, binaluktot mula sa orihinal.

At, sa huli, babalik uli 'yun sa isang Walang Hanggan. At sa puntong 'yun ang buong impiyerno, lahat ng paghihirap, at lahat ng iniwang alaala nun, ay maglalaho na nang Walang Hanggan. Ang lahat ng nagpasimula, ay magwawakas.

³⁰⁶ At itong si Melquisedec ay hindi si Jesus, sapagkat Diyos Siya. At ano nga ba ang pinagkaiba ni Jesus at ng Diyos, hayan nga't, si Jesus ang Tabernakulo na pinanahanan ng Diyos. Kita n'yo? Ngayon, si Melquisedec. Si Jesus nga'y kapuwa may ama at ina. At ang Tao na ito ay hindi nagkaroon kailanman ng ama o ina. May pasimula ng buhay si Jesus at mayroon Siyang wakas ng buhay. Ang Taong ito naman ay walang ama, walang ina, walang pasimula ng mga araw o wakas man ng buhay. Subalit, Siya rin ang Tao na 'yun. Ganoon nga, si Melquisedec at si Jesus ay Iisa; subalit si Jesus ang makalupang katawan, na naipanganak at inanyuan ayon sa kasalanan. Sariling katawan nga ng Diyos, Kanyang Sariling anak, ipinanganak at inanyuan sa kasalanan, upang kunin ang tibo mula sa kamatayan, upang bayaran ang katubusan, at upang tanggapin ang mga anak na lalaki at mga anak na babae sa Kanyang Sarili. Nakukuha n'yo? Iyan nga ang dahilan kung bakit Siya'y may—Siya'y may pasimula, Siya'y may wakas.

³⁰⁷ Subalit ang sakdal na katawang 'yun, na nagsisilbi, bilang—bilang paunang bayad ng hinihintay nating pagkabuhay na mag-uli, hindi pahihintulutan ng Diyos na makakita ng kabulukan ang banal na katawan na 'yun, sapagkat Siya Mismo ang lumikha nun. At binangon 'yun, at binuhay 'yun na mag-uli, at iniluklok 'yun sa Kanyang kanan.

³⁰⁸ At, sa araw na ito, ang Espiritu Santo na nagbangon sa katawang 'yun ay naririto sa Iglesia. Purihin ang Pangalan ng Panginoon! At nagpapakita ng siya ring mga himala noon at kapangyarihan. At balang araw ang Espiritu Santong ito, na nasa Iglesia, ay sisigaw at papailanglang, at tatanggapin ang sarili nito dun sa anyong katawan na nakaluklok sa kanan ng Karangalan ng Diyos, upang mamagitan para sa atin na mga makasalanan. At Dahil diyan ay ganap tayong iniingatan mula sa pagkakasala. Hindi ibig sabihing hindi na tayo nagkakasala; kundi iniingatan tayo mula sa pagkakasala, sa Presensya ng Diyos. Sapagkat, may Duguang hain na tumatayo sa pagitan ko at ng Diyos, sa pagitan n'yo at ng Diyos. Iyan nga ang dahilan at sinabi Niya, “Ang taong ipinanganak ng Diyos, ay hindi nagkakasala, hindi siya maaaring magkasala.” Sapagkat, kung naipanganak na kayong muli, ang mismong Espiritu Santong nanahan sa Katawang 'yun ay mananahan na sa inyo. At hindi Ito maaaring magkasala; nakalagay ang hain sa harapan Niya. Ngayon kung sinasadya n'yo namang magkasala, ipinakikita lamang n'yan na di maaaring kabilang kayo sa Katawang 'yun. Amen. Iyan ang Ebanghelyo. Hayan nga Ito.

309 Kaya, nakita n'yo na, hindi Nito sinasalungat ang alinman sa Kasulatan. Pinagbibigkis-bigkis Nito ang mga Kasulatan. Kita n'yo? “Hindi nga maaari na sa mga minsang naliwanagan na.” Tiyak na marami tayong makukuhang tanong sa bagay na 'yan. Hayan nga, magtanong lang kayo, inaasahan natin 'yan.

310 Ngayon pansinin n'yo. “Hindi maaari na sa mga minsang naliwanagan na, at saka mahiwalay na baguhin silang muli sa pagsisisi, yamang ipinapapako nilang muli ang Anak ng Diyos, at ginagawa Siyang. . . at inilalagay na muli Siya sa hayag na kahihiyang.” Hindi nga maaari.

311 Pagkatapos ay dumako kayo sa Mga Hebreo 10, kung saan sinasabi Nito roon, “Sapagkat kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating matanggap ang pagkilala sa Katotohanan.” At ano ang kasalanan? Ang di pagsampalataya.

312 Kung malaya mo namang nakikita ang Espiritu Santo na gumagawa ng mga bagay na gaya ng ginawa Nito sa dako rito kaninang umaga, at nakita nang nagbangon si Cristo mula sa mga patay, at Siya'y nabubuhay sa Kanyang Iglesya at sa gitna ng Kanyang mga hinirang, at kusa mo Itong tatanggihan, hindi ka na nga maaari pang makalapit sa Diyos, 'pagkat pinusong mo ang Banal na Espiritu.

313 Sinabi ni Jesus ang gayun ding mga bagay, noong ginagawa Niya ang mga himalang iyon.

314 Sabi nila, “Aba, Siya si Beelzebub. Isa Siyang manghuhula. Isa Siyang diyablo.”

315 Bumaling si Jesus, at nagsabi, “Mapapatawad Ko kayo sa bagay na iyan. Subalit kapag ang Espiritu Santo na ang pumarito at ginawa ito, ang magsalita ng isa mang salita laban Dito ay hindi ipatatawad sa kanya sa sanlibutang ito o maging sa sanlibutang darating.” Sapagkat tinawag ninyo ang Espiritu ng Diyos na nasa Kanya, na “Isang karumaldumal na espiritu.”

316 Kaya naman, kung sasadyain nating magkasala, kung magkakasala tayo, sasadyaing di manampalataya. Hindi natin magagawa 'yan pagkatapos na tanggapin ang Katotohanan, maipanganak na muli; hindi nga tayo maaaring magkasala pa. Hindi maaaring magkasala ang isang makasalanan ng kasa. . . . Hindi maaaring magkasala ang isang Cristiano ng kasalanan walang kapatawaran. Hindi niya magagawa 'yun. Ang masama ang gumagawa nun. Yaong nagkukunwang-mananampalataya, hindi ang mananampalataya.

317 Ang mga Hudyong rabbi nga roon, oh, akala nila kung sino silang mga pormal, at may mga D.D. at mga Ph.D. Akala nila'y karapat-dapat na sila, siguradong-sigurado na, subalit sila ang pinakamalala sa mga makasalanan. Oh, marahil sila'y. . . Hindi mo marahil maituturo ang kamay mo sa—sa buhay nila. Malinis sila, may mabuting asal, at matuwid, sa sarili nila. Subalit sila'y mga di-mananampalataya.

318 At kunin n'yo nga ang salitang kasalanan at alamin n'yo ang kahulugan nito. Ang ibig sabihin ng salitang *kasalanan* ay “di-pagsampalataya.” Sa dalawa lang naman nahahati, na, ang isa’y mananampalataya at ang isa’y di-mananampalataya. Ibig sabihin, inaring-ganap o kaya naman makasalanan. Yun ’yun. Kung isa kang di-mananampalataya, isa kang makasalanan; kahit gaano ka pang kabuti, gaano ka pang kadalas magsimba, o mangangaral ka man. Isa ka pa ring di-mananampalataya.

319 Ang mga Fariseo nga roon ay mangangaral, at sila’y mga di-mananampalataya, at nasa impiyerno ngayon dahil diyan. Tunay namang napakarelihiyoso, at maka-Diyos, subalit hindi nila Siya sinampalatayanan. At tinawag pa nila Siyang “isang diyablo,” at pinabulaanan ang Kanyang Salita. At sabi ng ilan sa kanila, “Kung ikaw nga, bumaba ka nga ngayon mula sa krus. Magpamalas ka nga ng himala. Gusto naming makita na ginagawa mo ito.” May humampas sa Kanya sa ulo, ng kahoy, at sabi, “Hulaan mo nga at sabihin sa amin kung sino’yung humampas sa iyo, kung propeta ka nga, at paniniwalaan ka namin.” Nakita n’yo na, mga di-mananampalataya! Sila’y Nagkukunwa lamang na mga mananampalataya, subalit sila’y mga di-mananampalataya, di-nabago, nangahiwalay, bagama’t sila’y mga banal at maka-Diyos.

320 Hayan nga’t, ganyan na ganyan ang umiiral sa panahon ngayon. Napakaseryoso ng mga mukha ng mga kalalakihan at kababaihan na nagsisidalalo sa simbahan, at—at napakabanal pa, at hindi nagsisinungaling, nagnanakaw, at sila’y nagsisikap na maipamuhay nila ang relihiyon nila sa abot ng kanilang makakaya. Subalit, maliban na isa silang mananampalataya, sila’y mapapahamak. Hayan nga’t walang bakas man lang ng pagka-legalista sa Biblia. Sa Calvinismo . . . Biyaya ang laan ng Diyos sa inyo, at mga gawa ang laan ninyo sa Diyos. Tunay nga na magkaibang bagay talaga.

321 Tumigil man kayo sa pagsisinungaling, tumigil sa paninigarilyo, tumigil sa pagnanakaw, tumigil sa pangangalunya, tumigil sa lahat, tupdin ang lahat, tupdin ang mga utos, at dumalo ng panambahan, at mabautismuhan Linggo-linggo, magkomunyon man, hugasan ang mga paa ng mga banal, gawin ang lahat, magpagaling ng mga maysakit, at gawin ang lahat ng iba pang mga bagay na ito, maliban na ipanganak kayo ng Espiritu ng Diyos, mahirang, kayo’y mapapahamak. “Hindi sa may ibig ni hindi sa tumatakbo, kundi sa Diyos na naaawa.”

322 Sinikap noon ni Esau sa abot ng makakaya niya na maging isang Cristiano, pero hindi niya magawa. Sinabi ng Biblia na siya’y mapait na nanangis, naghanap-hanap ng isang lugar na makapagsisisi, at hindi niya nasumpungan iyon. Bago pa man siya maisilang ay hinatulan na siya ng Diyos, ’pagkat alam na ng Diyos na isa siyang masamang mandaraya sa kaibuturan

niya. Nalalaman na ito ng Diyos sa pamamagitan ng paunang kaalaman. Sinabi Niya, “Aking inibig si Jacob, at kinapootan Ko si Esau.” At tila ba si Esau pa’yung mabait. Naiiwan siya sa bahay, inaalagaan ang kanyang matandang tatay na bulag, pinakakain ang mga baka, at lahat na nga, isang ulirang anak.

³²³ At ito namang si Jacob ay dikit sa kanyang nanay, isang duwag na gumagawa-gawa ng kuwento. Ganoon siya. Aminado kayo riyon. Aminado rito ang Biblia, ’yan ang nakasaad diyan. Kung saan-saan nagpupupunta, kung anu-anong ginagawa. At— at, si nanay, kasa-kasama si nanay lagi. Subalit, ganoon pa man, si Jacob, sa lahat ng kanyang pagpapahapay-hapay, at ng kanyang mga pagkaduwag, may pagpapahalaga pa rin siya sa pagkapanganay. Iyan nga ang pinakamahalaga.

³²⁴ Si Esau ay dobleng beses na mas mabait kay Jacob. Kung magpapasya nga tayo ngayon, kung sino ang karapat-dapat na maging miyembro ng ating iglesya, pipiliin n’yo si Esau, sanlibong higit, kung hindi n’yo siya kilala. Subalit pinili ng Diyos si Jacob.

³²⁵ Ano naman ang gagawin n’yo kay San Pablo, kung magnais siyang maging ministro? Isang maliit, na patulis ang ilong na Hudyo, at nangingitngit ang bibig, saanman pumunta’y tiyak na manggugulo, at hayon nga’t wawasakin pa niya ang Iglesya. Gagawin niyang lahat. Iniisip n’yo marahil na nagkasala siya ng kasalanang walang kapatawaran. Subalit sinabi ng Diyos, “Siya ay Aking lingkod.”

³²⁶ Kumukuha ang Diyos ng mga tao at binabago sila, hindi ang mga tao ang kumukuha sa Diyos at nagbabago. Kumukuha ang Diyos ng tao at binabago ang naturang tao. Hindi nga ito nakasalalay sa kung ano ang nagagawa mo, kung ano ang ibig mo, kung ano ang iniisip mo. Nakasalalay ito sa kung ano ang ginagawa ng Diyos. Hayon nga. At ganyan nga ito.

³²⁷ Ngayon, ang dakilang Melquisedec, napakainam nga nitong kuwento tungkol sa Kanya rito! Siguro’y magbasa tayo nang kaunti, para maging . . .bibilisan na natin ang pagtalakay rito. Sisimulan natin dito sa isang bahagi ng Kasulatan, at atin nang simulan sa may ika-15 talata.

At lalo pang . . . napakaliwanag ito: na . . .kung ayon sa anyo ni Melquisedec ay lumitaw ang isa pang saserdote.

³²⁸ Ngayon, si Melquisedec ay isang Saserdote. Siya nga ba? Heto nga kung ano Siya. Nalaman natin na ang Diyos, sa pasimula, ay isang dakilang bukal ng Espiritu. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Wala Siyang lugar ng kapanganakan. Wala Siyang lugar ng kinamatayan. Wala Siyang pasimula ng mga araw. Wala Siyang katapusan ng mga taon. Siya ay sadyang Walang Hanggan kung papaanong ang

Eternidad ay Walang Hanggan. Hindi Siya ipinanganak. Hindi rin Siya namatay.

³²⁹ At doon, nalaman natin na, may pitong iba't ibang Espiritu Siya. Tama ba? Sinabi nga 'yan ng Biblia, sa Apocalipsis, ang tungkol dito, "Ang pitong Espiritu sa harapan ng Luklukan ng Diyos." Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang pitong, iba't ibang, pitong Espiritu. Nalaman nating, may pitong kulay. May pitong kapanahunan ng iglesya. Oh, sadyang nagtutuloy-tuloy ito. Ang bilang na pito ay kakumpletuhan, at ang Diyos ay kumpleto. Hayan nga't pitong Espiritu, at sakdal ang mga Espiritung 'yan. Ang una ay ang kulay na pula; sakdal na pag-ibig, pagtutubos. Hayan nga't, kung may oras lang tayo, para tugaygayin ang lahat ng mga kulay na 'yan at ipakita na ang bawat isa sa mga kulay ay kumakatawan sa kadalisan ng Diyos. Amen. Ang mga kulay na 'yun, may pitong natural na kulay. Ang mga kulay na 'yun ay kumakatawan sa kadalisan ng Diyos. At ang...ang mga kulay na 'yun ay kumakatawan sa mga layon ng Diyos, sa kilos ng Diyos. Ang pitong kulay, kumakatawan sila sa pitong kapanahunan ng iglesya, pitong bituwin, pitong anghel. Saanman sa buong Kasulatan, pitong ministro, pitong mensahero, pitong mensahe, lahat ay sa bilang na pito. Pitong araw. Anim na araw, at ang ikapito ay ang sabbath; sakdal, ganap. Oh, napakaganda nga nito, kung may oras lang tayo para tugaygayin ito at talakayin ito, ang mga kulay na ito!

³³⁰ Kunin natin ang kulay na pula. Talakayin natin ang unang kulay, ang pula. Ano ba ang pula? Sa isang banda ang pula ay tanda ng panganib. Ang pula ay tanda rin ng pagtutubos. At tingnan n'yo ang pula sa pamamagitan ng isa pang pula, anong kulay ang kalalabasan? Puti. Tama. Kaya noong bumuhos ang pulang Dugo, upang takpan ang pulang kasalanan, ang Diyos, sa pagtingin sa pulang Dugo, ang tingin sa pulang kasalanan, ay puti ito. Hindi maaaring magkasala ang mananampalataya. Hindi nga maaari. Ang Binhi ng Diyos, ang mga pagpapala ng Diyos, ay nananahan sa kanya. Wala nang ibang nakikita pa ang Diyos kundi ang Dugo ng Sarili Niyang Anak. Kahit ano pa ang naroon sa Kanyang Iglesya, anuman 'yun, hindi na 'yun nakikita pa ng Diyos, sapagkat namamagitan si Jesus, sa tuwi-tuwina, ang Dakilang Saserdote. Walang paraan para sa isang mananampalataya ang magkasala, dahil nakalapag na roon ang isang natatanging Hain para sa kanya, sa ganoong paraan. Talagang wala.

³³¹ At ngayon kung sasabihin n'yo, "Buweno, pagkakataon ko na palang..." Ipinapakita lang n'yan na wala ka sa tama.

³³² Pahahalagahan mo Iyon. Pakaiibigin mo Ito, kung isa kang tunay na Cristiano, hanggang dumating sa kasusuklaman mo ang kasalanan hanggang sa hindi mo na ito kayang gawin pa. "Sapagkat ang Binhi ng Diyos ay nananahan sa kanya, at siya'y

hindi maaaring magkasala.” Sinabi ng Biblia, “Yamang nilinis nang minsan ng Dugo ni Jesus, ay walang nang pagnanasa sa kasalanan.” Kung may pagnanasa pa kayo, ang puso n’yo ay hindi tama sa Diyos.

³³³ Ngayon, maaari ngang magkamali kayo, subalit hindi n’yo ’yun sadya. Kita n’yo? Nasisilo kayo—nasisilo lang kayo, at sa anumang bagay na nasisilo lang kayo, o nakagagawa kayo ng isang bagay na hindi n’yo naman sinasadyang gawin, hindi pa ’yun kasalanan, hayan nga’t magsisisi kayo sa oras na makita n’yong nagkamali kayo. Dali-dali kayong bumaling at sabihin, “Hindi ko po sinasadya. . . hindi ko po akalain.” Ganyan ang sasabihin n’yo, sa buong buhay n’yo. Ayaw nga lang gawin ng tao, ’yun ang dahilan kung bakit napakamangmang natin at nalulugmok tayo sa kadiliman, dito sa lupa, samantalang may kabayaranang Dugo na para sa atin, sa tuwina, upang panatilihin tayong natatakpan. Hayan nga’t, maling-mali na tayo agad. . .

³³⁴ Ngayon, iiral na naman ang kaisipan n’yong legalista. “Oh, alam n’yo ba? Pinaging banal na raw ang babaing iyon. Ngunit, purihin ang Diyos, nakagawa siya ng pagkakamali. Talagang alam kong nag-backslide na siya.” Mali ’yun. Hindi siya nag-backslide. Nagkamali siya. Kung sinadya niyang gawin ’yun, ibig sabihin hindi siya tama, sa umpisa pa lang.

³³⁵ Kung hindi niya sinasadyang magawa iyon, at lalakad siya sa harap ng banal na Iglesya ng Diyos at ipahahayag iyon, at sasabihin, “Nagkamali ako, at patawarin n’yo ako,” nararapat lamang na gawin n’yo ’yun. Kung hindi n’yo gawin ’yun nang taos-puso, kung ganun dapat kayong dumulog sa altar. Tama. Hayan ang tunay na kabanalan sa iglesya. Hayan ang dalisay na kabanalan, ang kabanalan na hindi sa ganang inyo, kundi ni Cristo.

³³⁶ Wala akong kabanalang maihaharap sa Kanya. Narito lamang akong nagtitiwala sa Kanyang, oh, sa Kanyang biyaya, at taglay-taglay ko ito sa puso ko. Hindi ako karapat-dapat dito, wala naman akong nagawa para maging marapat ako para rito, ngunit sa pamamagitan ng biyaya ay tinawag Niya ako at inanyayahan Niya akong lumapit. At tumingin ako sa Kanya, at inalis Niya ang pagnanasa mula sa akin. Nakagagawa ako ng libo-libong pagkakamali buwan-buwan, taon-taon. Totoo, nakagagawa ako. Ngunit kapag nakikita kong nagkakamali ako, sinasabi ko, “Diyos, hindi ko po sinasadyang gawin ’yun. Talos Mo ang puso ko. Hindi ko sinasadyang gawin ang bagay na ’yun. Nasilo ako. Hindi ko sinasadyang gawin ’yun. Patawarin Mo po ako, Panginoon.”

³³⁷ Kung nakagagawa man ako ng pagkakamali sa kapatid ko, sinasabi ko, “Kapatid, patawarin mo ako. Hindi ko sinasadyang gawin ’yun.” Tunay, talos ng Diyos ang puso ko.

338 Oh, hayan nga. Hayan ang hain ng Dugo. Hayan ang kapangyarihan ng Ebanghelyo, ang banal na Iglesyang sumusulong. Hindi nga ito dahil sa isang bagay na kayo ang may gawa; dahil ito sa bagay na walang kinalaman ang nagagawa n'yo. Hayan nga ang Katubusan.

339 Ngayon, ang Melquisedec na ito, noong lumitaw Siya.

340 Nais kong sabihin sa inyo ang isa pang bagay. Nasubukan n'yo na bang kumuha ng—ng piraso ng salamin na may tatlong sulok? Kumuha kayo ng isang pirasong salamin na may tatlong sulok, at itapat n'yo ito sa sikat ng araw, magpapalitaw 'yun ng pitong lantay na kulay. Magpapalabas ng bahaghari ang isang salamin na may tatlong sulok. Ganoon nga. Ngayon, kung may oras pa tayo, tatalakayin natin 'yan. May kasakdalan nga sa bilang na tatlo: Ama, Anak, Espiritu Santo; pag-aaring ganap, pagpapaging banal, bautismo ng Espiritu Santo. Hayan nga. May kasakdalan sa bilang na tatlo. Ang Diyos, na nasa ibabaw ng tao; ang Diyos, sa Taong tinawag na Jesus; ang Diyos, sa Iglesya. Hayan nga't, may kasakdalan.

341 Nagkakasala ang tao, hangga't *naroon* pa ang Diyos sa isang Haliging Apoy. Ang Diyos. . . Ang tao'y nagkakasala, hayan nga, sa harapan ng Diyos, hangga't nasa Haliging Apoy ang Diyos, sapagkat ang tao'y marumi pa ring nilalang, dugo pa ng hayop ang nakalapag sa harapan Niya.

342 Pagkatapos ay dumating ang Cordero ng Diyos, ang ikalawang sakdal na paghakbang ng Diyos; siya ring Diyos, panibagong katungkulan. Hayan nga't ang Diyos na ito na nakay. . . na nakay Cristo, ay ang siya ring Diyos na nasa Haliging Apoy noon. At ang siya ring Diyos ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin. At nung pagtawanan Siya ng tao, binilang pa rin 'yun sa dati. Wala pa kasi noong Dugong nabuhos. Siyanga. Sinabi ni Jesus, "Patatawarin Ko kayo."

343 Subalit pagkatapos nga'y ang siya ring Yun na nagkatawang-tao, ay naging Haliging Apoy muli. "Ako'y nagbuhat sa Diyos. Ako'y paroroon sa Diyos." Nakita nga natin dito na nakatagpo Siya ni Pablo, sa daan patungong Damasco, ang siya ring Haliging Apoy na 'yun. Nakita din natin na nakatagpo Siya ni Pedro sa bilangguan, ang siya ring Haliging Apoy na 'yun. Siyanga. At nakikita natin Siya sa panahon ngayon, sa gitna natin, ang siya ring Haliging Apoy na 'yun.

344 Subalit ang kasakdalan ay dumating sa puntong, ang Taong pumapagitna. . . Ngayon, kung mangyaring may Hudyo rito, o nakauunawa ng Lumang Tipan. Pinatunayan nga roon, sige po ipakikita ko sa inyo. Hindi ko lang dala ang Lumang Tipan, sa ngayon. Ang dala ko rito'y ang—ang Bagong Tipan. Ngunit doon nga sa paghahandog ng tinapay na nakalagay sa pinggang pang-kosher, sa paghahain ng mga Hudyo sa panahon ng paglilinis

ng mga tabernakulo; tanungin n'yo ang sinumang Hudyo; sa tatlong piraso roon ng tinapay, ang pumapagitnang piraso ang pinagpuputol-putol. Iyon si Cristo. Ang pumapagitnang piraso ay pinagputol-putol; si Cristo, ang pumapagitna. Ipinakikita na kinakailangang may mapagputol-putol, sa isang dako, para sa katubusan. At itinuturing ang pirasong 'yun na katubusan, sa tinapay na kosher.

³⁴⁵ At narito Siya. At sa gabi ngang ito, sa pagganap natin ng komunyong, pinagpuputol-putol natin ang tinapay na kosher, dahil iyon ang katawan ni Cristo. At pinagputol-putol Siya sa Kalbaryo, upang maging Kabayaran ng ating mga pagkakasala, upang sa Kanyang katuwiran maging Kanyang katuwiran tayo. Hayan nga't, inari nga Niya ang ating kasalanan, upang tayo'y maging Kanyang katuwiran. Kapatid, ganap na biyaya lamang ang makagagawa nun. Walang pasubali. Walang ibang paraan, anumang iba pang paraan para ariin tayong ganap.

³⁴⁶ Ngayon, ang Melquisedec na ito, ang dakilang Tao na ito na nasalubong sa daan, nagbayad siya, nagbayad si Abraham ng ikasampung bahagi sa Kanya. Isa ngang napakadakilang Tao Niya marahil! Ngayon tumuon po kayo rito, nang ilang saglit.

Na ginawa, hindi ayon sa kautusan ng . . . mga utos na ukol sa laman, . . .

³⁴⁷ Ngayon napansin n'yo ba riyang 'yung legalistang kautusan? Ang sabi ng kautusan, "Huwag kang papatay. Huwag kang mangangalunya. Huwag kang magnanakaw."

³⁴⁸ Binalingan 'yun ni Jesus, ang sabi, "Sinabi nila na mga nauna, 'Huwag kang papatay,' datapuwat sinasabi Ko na ang bawat mapoot sa kanyang kapatid, sa walang kadahilanan, ay pumatay na. Sinabi nila, silang mga nauna na, 'Huwag kang mangangalunya,' datapuwat sinasabi Ko sa inyo, ang bawat tumingin sa isang babae taglay ang pagnanasa, ay nagkasala na ng pakikipangalunya sa kanyang puso kasama ng babae." Hayan nga. Diyan pa lang ay tinuturuan na ang mga kababaihan kung paanong manamit, kung paanong tamang gawin. Sa pananamit n'yo nang mali, hayan tuloy at ang mga kalalakihan ay tumitingin sa inyo nang mali, kayo'y pananagutin sa pangangalunya, na gaya rin lang sa ginawa n'yo ang gawang iyon. Ganun ang sinabi ni Jesus.

³⁴⁹ At kayong mga tao na ang init ng ulo ay tagus-tagusan na parang talim ng lagari, na lagi na lang nambubulyaw ng iba, hindi man lang makapagtimpi, at kung anu-ano pa. Magingat kayo. Magkakasala kayo kung magsasalita kayo laban sa inyong kapatid ng salitang hindi tama, hindi makatarungan, hayan nga't magbulay-bulay po kayo at gibain na 'yan sa inyo. Hindi nga kayo nang-uumang ng kutsilyo sa likod ng isang tao para patayin siya. Sinisiraan n'yo naman ang pagkatao niya at napapatay n'yo siya, napapatay n'yo ang impluwensiya niya.

Kung magsasalita rin lang kayo ng laban sa pastor n'yo rito, magsasalita ng kung anu-anong masasamang bagay tungkol sa kanya, binaril n'yo na lang sana siya. Kung nakapagsalita ka ng bagay na hindi tama tungkol sa kanya, buweno, papatayin ng salita mo ang impluwensiya niya sa mga tao at sa iba pang mga bagay, at nagkasala ka nito. Iyon ang sinabi ni Jesus.

³⁵⁰ Ngayon, pakinggan n'yo po ito, itong—itong sinisikap dito ni Pablong bigyang punto. Gustong-gusto ko ang matandang Bibliang ito. Itinutuwid ka kasi Nito. Tingnan n'yo, oh, tingnan n'yo nga rito. Ngayon, habang binabasa natin ang ika-... “Maliwanag... sapagkat maliwanag na ang ating Panginoon ay lumitaw mula kay Ju-...” Sandali lang po, sa palagay ko'y ibang talata itong binabasa ko rito. Hindi 'yan, dito po dapat sa ika-16.

Na ginawa, hindi ayon sa kautusan ng... mga utos na ukol sa laman,...

³⁵¹ Hayan nga't pagka-legalista 'yan, kita n'yo. “Oh, kapatid, Hindi ko—hindi ko dapat. Hindi ko dapat. Alam ko naman, pero nagawa ko...” Hindi ganoon. Ang pag-ibig ang dapat kumikilos dun.

³⁵² Natalakay na natin ito kamakailan! Sabi ko, “Kung sabihin ko sa aking... sa aking maybahay, ‘Oh, buweno, gusto ko—ko—ko sanang magkaroon ng dalawang asawa. Gusto kong pumuslit kasama ang isang *ito*, tapos *itong* isa sa lugar namang ito. Ngunit, kung gagawin ko 'yun, hihiwalayan ako ng asawa ko, at ang mga anak ko'y mapupunta sa... Mapupunta sa wala ang pagmi-ministeryo ko.” Ikaw na marumi't, masamang mapagpaimbabaw. Ganoon nga. Hindi tama ang pag-ibig mo sa kanya, sa una pa lang. Ganoon na nga mismo.

³⁵³ Kung iniibig mo nga siyang talaga, hindi mo na kailangan ng kautusan pa. Iibigin mo siyang, talaga, at mananatili kang tapat sa kanya. Ganoon nga mismo. At ganun din ang gagawin n'yo mga kababaihan sa inyong asawang lalaki. Siyanga.

³⁵⁴ Kung minsan ang mga kababaihan ay nalilihis, o... .

³⁵⁵ Ang kalalakihan ay makakakita ng isang munting Jezebel na pinturadang-pinturada, alam n'yo na, at—at makikipag-relasyon ka, mahuhulog ang loob mo sa kanya; marahil meron ka nang butihing maybahay. Pagkatapos tatawagin mo ang sarili mong Cristiano. Nakakahiya ka. Kailangan mo ngang mabigyang-lunas muli sa may altar. Siyanga.

³⁵⁶ At ang ilan sa inyo—at ang ilan sa inyo na mga kababaihan patingin-tingin pa kayo sa mga kalalaking nangingintab ang buhok na sadyang pinahiran ng Vaseline para... mapanganga kayo sa mangha. At pagkatapos kayo'y... .

³⁵⁷ Isang dalagita rito, di pa gaanong katagalan... Hindi po ito isang biro, 'pagkat hindi ko nais ikuwento ito bilang isang biro.

Hayan nga't alam naman ng mga tao na hindi ito isang dako para sa pagbibiro. Hayan nga't itong dalagitang tinutukoy ko, siya'y . . . May mga maiinam namang binata rito, mga binatang Cristiano. Matagal nang panahon, noong nagpapastor pa ako rito, dati-rati'y nagkakaroon kami ng pag-aaral na eksklusibo para sa mga kalalakhian. Hayan nga't pagdating ng Linggo ng hapon mangungusap ako sa mga kabataang babae, tungkol sa seksuwalidad at iba pang mga bagay. At sa susunod namang Linggo ng hapon, mangungusap naman ako sa mga kabataang lalaki, at sinisikap na sugpuin ang ganoong mga gawain.

³⁵⁸ Isang dalagita na nga ang nagsimulang sumasama-sama sa isang lalaking taga-labas, dito sa bayan, isang maninigarilyo at may maliit na bote ng alak sa bulsa. At nagmamaneho siya sa kabayanan ng magarang kotseng de baba ang bubong. Hindi ko talaga mawari kung ano ang nakita nung dalagitang ito sa lalaking 'yun. Wala nga itong interes na pumasok man lang ng simbahan. Nauupo lang ito sa labas. Ihahatid 'yung dalagita rito sa simbahan, saka mauupo sa labas, sa may kotse niya, at maghihintay, ni hindi man lang magkaisip na pumasok dito sa simbahan. Sinabi ko sa dalagita isang araw. Dito siya sa may New Albany nakatira. Sabi ko, "May gusto sana akong itanong sa iyo, iha. Hindi ko talaga lubos-maisip ano ba kasing nakita mo sa lalaking 'yun?" Sabi ko, "Unang-una, ayaw na ayaw niya nitong relihiyong iyong—iyong dinadala. Itinatakuwil niya ang iyong Cristo. Hindi siya magiging mabuting asawa sa iyo. Gagawin ka lang niyang miserable, sa buong buhay mo." At sabi ko, "Buweno, may mainam naman ritong mga binata na Cristiano talaga na maaari kang samahan. At tutol na tutol nga ang tatay at nanay mo sa pag-iisip pa lang na sa lalaking ito ka sumasama-sama, pero sumasama ka pa rin, at iniisip-isip mo, 'Ako'y disi sais na at malaki na.'"

³⁵⁹ Simula nun gumagamit na siya ng make-up at pumupuslit nang walang paalam, at di naglaon, laman na siya ng mga bahay-inuman. Siya'y yumaon na at nasa Walang Hanggan na ngayon. Ngunit, bago 'yun, dumadalo siya rito noon. At alam n'yo ba kung anong dahilan ang itinugon sa akin ng dalagitang 'yun noon, kung bakit daw niya mahal ang lalaking 'yun? Ang sabi ba naman niya, "Ang linis-linis kasi nung mga paa nung lalaki, at ang bango-bango pa niya." Aakalain n'yo ba 'yun? Nagkukubli sa likod ng pabango, para naman 'yung babae, hindi lalaki.

³⁶⁰ "Tingnan mo," sabi ko, "kapatid, mas nanaisin ko pang sumama sa isang binatang Cristianong madudumi ang mga paa na gaya ng panghakot ng graba at ang amoy ay gaya ng pusang kung saan-saan nagsususuot, kung isa naman siyang ganap na Cristiano." Siyanga. Tootoo. Oo.

³⁶¹ Ang dahilan daw niya, "Ang linis-linis kasi nung mga paa, at ang bango-bango pa." Ang binatang ito na laman ng bahay-

inuman, hayan nga't winasak niya ang buhay ng dalagitang ito. Nakakahiya talaga, kahiya-hiya.

³⁶² Marangal na bagay ang pag-aasawa, at nararapat lang na ang bawat papasok dito'y mapanalanginin at may paggalang. Hayan nga't ang tunay na pag-ibig mo para sa isang babae ang magbubuklod sa inyo magpakailanman. "Anumang talian mo sa lupa, ay tatalian Ko sa Langit." Sa paglalakad n'yo nga sa isang lansangan kung saanman, maaaring matanda na siya at puno na ng uban at kulubot na, ngunit ang siya pa ring pag-ibig na taglay-taglay mo para sa kanya noong siya ay dalaga pa, maganda pa, taglay-taglay mo pa rin hanggang ngayon.

³⁶³ Maaaring mahukot ka, makalbo, at mangulubot ang mukha at kung anu-ano pa, subalit mamahalin ka pa rin ng babaing 'yan na gaya noong matikas ka pang nakatatayo at direktong ang iyong balikat at paalon-alon pa ang iyong buhok, kung ito'y tunay na sa Diyos talaga. Sapagkat umaasa kayo roon sa panahong nakatawid na kayo sa ilog sa kabilang ibayo, sa oras na maipanumbalik na kayo, bilang kabataang lalaki at babae muli, na mamumuhay nang magkasama magpakailanman. Iyon ang Walang Hanggang pangako ng Diyos. Sinabi nga Niyang gagawin Niya iyon. Kanyang, at hindi lang 'yun, dadako tayo sa bagay na 'yan sa ilang sandali, ipinanumpa nga Niyang gagawin Niya ang bagay na iyon.

³⁶⁴ Pakinggan n'yo ito, sa pagpapatuloy natin.

Na ginawa, . . . ayon sa kautusan ng . . . mga utos na ukol sa laman, kundi ayon sa kapangyarihan ng . . . buhay na walang katapusan.

³⁶⁵ Ngayon bibilisan natin ang pagbasa rito, para makadako na tayo roon.

Sapagka't pinatotohanan tungkol sa kaniya, Ikaw ay saserdote magpakailan man ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec.

Hangga't kinakailangan ng saserdote, mananatili Siyang Saserdote.

Sapagka't maliwanag na napapawi ang unang mga utos . . . sa kaniyang kahinaan at kawalan ng kapakinabangan.

Sapagka't ang kautusan ay walang anomang pinasasakdal . . .

³⁶⁶ Wala nga, kahit ano pang gawin n'yo. Huminto man kayo sa pag-inom ng alak, huminto man sa paninigarilyo, huminto man sa pagsasalita ng kasinungalingan, magsimba at sikaping gawin ang *ganito* at sikaping gawin ang *ganoon*, karnal pa rin kayo. Kautusan lang 'yun. Walang anumang pinasasakdal ang kautusan. Kaya ano ang nagpapasakdal? Si Cristo. Luwalhati! Maaari nga akong huminto sa pagsisinungaling, huminto sa

pagnanakaw, huminto sa pangangalunya, huminto sa pagnguya ng tabako, huminto sa lahat ng ito, pero karnal pa rin ako. Hindi 'yun tatanggapin ng Diyos, dahil wala akong anumang maihahandog sa Kanya bilang kabayaran.

³⁶⁷ Subalit sa sandaling ipatong ko ang aking mga kamay sa banal na ulo ng Panginoong Jesus, at sabihing, “Panginoon, wala akong kabuluhan. Maaari Mo ba akong tanggapin bilang lingkod Mo?” at papawiin na ng Diyos ang aking kasalanan, makatatayo na akong sakdal sa paningin ng Diyos. Siyanga. Bakit? Hindi na kasi ako nakatayo sa sarili kong kakayahan. Nakatayo ako sa Kanya. At pinaging sakdal Niya tayo, sa pamamagitan ng paghihirap Niya at ng Kanyang Dugo.

³⁶⁸ Hayan nga't oras na pala para magtapos. Subalit nais kong tapusin ang pagbasa rito, bibilisan ko na lang po.

. . . ang unang utos dahil sa ang kaniyang kahinaan ay kawalan ng kapakinabangan.

Sapagka't ang kautusan ay walang anomang pinasasakdal, at may pagpapasok ng isang pagasang lalong magaling; (Ano ang pag-asang lalong magaling? Si Cristo.) na sa pamamagitan nito ay nagsisilapit tayo sa Dios.

³⁶⁹ Bakit? Dahil sa kabila ng lahat ng mabuti nating gawa, at lahat ng mabuti nating gawa, at lahat ng mabuti nating gawa, nananatili pa rin tayong karnal. Subalit sa Presensya ng Diyos, kinikilala nating hindi tayo karapat-dapat na makatayo roon, kung hindi lang sa pamamagitan ng mga kabutihang ginawa ni Jesus Cristo, na sa gayon lamang tayo makalalapit sa Diyos, sa pamamagitan nga lang ng mga kabutihang ginawa ng Kanyang Anak. “Panginoon, lumalapit po ako sa Iyo, na may malinis na puso. Sa Pangalan ng Iyong Anak na si Jesus, tanggapin Mo po nawa ako.” Oh, kapatid, kung ganun ay lumalapit ka na sa pamamagitan ng isang buhay na daan.

³⁷⁰ Hindi, “Panginoon, alam Mong itinigil ko na ang pag-inom. Alam Mong pinakikitunguhan ko nang tama ang aking asawa. Alam Mong ginagawa ko ang *ganito*. Ginagawa ko ang *ganoon*.” Wala kang anumang maihahandog.

³⁷¹ “Sapagkat ang kautusan ng mga utos na ukol sa laman ay walang anumang nagawa, ngunit nagawa nga ng pagpasok ng isang panibagong pag-asa. Ang pag-asang iyon na si Cristo, na ating inaring tulad sa sinepeteng naka-angkla sa kaluluwa, matibay at matatag.” Masdan.

At yamang yao'y hindi naging sa walang sumpa siya'y . . .

Panghalip, kung papansinin n'yo rito, naka-italiko ito.

. . . siya'y ginawang saserdote:

Hindi lang isang saserdote, kundi ginawa Siyang Saserdote sa pamamagitan ng isang panunumpa. Hindi na . . .

³⁷² Ngayon masdan n'yo. Talakayin na natin ang iba pa ritong patungkol sa pagkasaserdote.

(Sapagka't sila'y, ang mga Levita, nasa katuwiran, matuwid, matapat na mga kalalakihan, sila'y sa katotohanan ay ginawang mga saserdote na walang sumpa; . . .)

³⁷³ Sinabi nga riyang ng Diyos, "Ayon lang sa pagkasaserdote ni—ayon sa pagkasaserdote ni Aaron, ginawa Niyang saserdote ang mga iyon." Nagpasalin-salin sila sa mga henerasyong dumaan. Nagsipagtungo sila sa paaralan at pinag-aralan kung paanong maging mga mangangaral at kung anu-ano pa. Nagpapasalin-salin sila. Hayan nga't ginawa sila ng Diyos na mga saserdote sa paraang gaya nun. Ginawa nilang mga saserdote ang mga sarili, sa pamamagitan ng edukasyong kanilang natamo, sa pamamagitan ng kanilang namana, at marami pang iba. "Subalit ang Taong ito ay ginawang Saserdote sa pamamagitan ng ipinanumpang panunumpa ng Diyos." Pakinggan n'yo itong mabuti ngayon.

(. . . ay ginawang mga saserdote na walang sumpa; datapuwa't siya'y may sumpa sa pamamagitan niyaong nagsasabi tungkol sa kaniya, Sumumpa ang Panginoon at hindi siya nagsisisi, amen, Ikaw ay saserdote magpakailan man ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec:)

Ay gayon din naman si Jesus ay naging tagapanagot sa lalong mabuting tipan.

Ngayon, bilisan na natin.

At katotohanang sila'y marami sa bilang na naging mga saserdote, sapagka't dahil sa kamatayan ay napigil sila ng pagpapatuloy:

Maka-ilang libong maka-ilang libong maka-ilang libong, mga saserdote, 'pagkat wala sila nung bagay na 'yun kundi kamatayan at kamatayan at mga kahinaan, at kamatayan at kamatayan at kamatayan.

³⁷⁴ Ngunit masdan n'yo Siya.

Datapuwa't siya, (sinong Siya?) si Jesus, sapagka't patuloy na namamalagi magpakailan man ay may pagkasaserdote siyang di mapapalitan. Dahil ang . . .

Dahil dito naman siya'y nakapagliligtas na lubos; kahit gaano man kalayo, gaano kababa, gaano kalayo, nakapagliligtas Siya nang lubos; sa mga nagsisilapit sa Dios sa pamamagitan niya, . . .

Hindi sa . . .inyong sariling pagkamatuwid; kundi sa inyo nang pagpapahayag. Kita n'yo?

. . . na mga nagsisilapit sa Dios sa pamamagitan niya, palibhasa'y laging nabubuhay siya upang mamagitan sa kanila.

Hayan nga Siya, tuluy-tuloy, na namamagitan.

Sapagkat nararapat sa atin ang gayong dakilang saserdote, na banal, walang sala, walang dungis, nahihawalay sa mga makasalanan, at ginawang lalong dakilang saserdote sa langit;

³⁷⁵ Hayan nga. Ngayon, kung sisikapin kong iharap ang sarili kong kaso sa ganang akin, matatalo ako. Kung sisikapin kong iharap, sasabihin ko, "Buweno, ang tatay ko ay isang mabuting tao. Isang mangangaral ang tatay ko. Buweno, sa simbahan ko na nga halos inilagag ang buong buhay ko." Talo pa rin ako. Subalit may Taong Siyang sakdal, si Cristo. Hayan nga Siya at tuluy-tuloy na inihahandog ang Kanyang Dugo para sa aking mga pagkakasala. Hayan nga.

Na hindi nangangailangan araw-araw, na gaya niyaong mga . . .saserdote, na maghandog ng mga hain, una-una'y patungkol sa kaniyang sariling mga kasalanan, at saka patungkol sa mga kasalanan ng bayan: sapagka't ito'y ginawa niyang minsan magpakailan man, nang kaniyang ihandog ang kaniyang sarili.

³⁷⁶ Ngayon pansinin n'yo ang huling talata.

Sapagka't inilagay ng kautusan na mga dakilang saserdote ang mga taong may mga kahinaan; . . .

³⁷⁷ Ganyan nga ang kautusan, ang karnal na kautusan, ganyan ang ginagawa nito. Ngayon, kung may dalawang oras pa sana ako para talakayin ito. Hayan nga't mapasa hanggang ngayon ay naglalagay pa rin itong kautusan ng mga tao para maging mga mangangaral. Siyanga.

³⁷⁸ Aba, may magsasabi nga riyang, "Buweno, may karanasan sa seminaryo ang taong ito." Hinding-hindi ko nga ipagpapalit kahit kailan ang munti kong karanasang Makalangit sa kahit lahat na ng mga seminaryo sa sanlibutan.

³⁷⁹ "Aba, pinag-aral namin nang husto ang taong ito. Siya'y—siya'y piling-pili. Hinubog niya ang sarili sa sariling sikap." Hindi ko gusto ang ganyang uri. Ang gusto ko'y yaong Diyos mismo ang naghubog. Kita n'yo? Kita n'yo?

³⁸⁰ Ngunit naglalagay pa rin itong kautusan ng mga saserdote. Naglalagay pa rin itong kautusan ng mga mangangaral. Ang—ang iglesyang Baptist nga, nagsusugo sila ng mga mangangaral; bulto-bulto ang isinusugo, may makinarya silang parang doon hinuhulma ang mga ito. May ganoon ang mga Methodist. May

ganoon ang mga Baptist. May ganoon ang mga Presbyterian, Nazarene, Pilgrim Holiness, Pentecostal, hinuhulma nila ang mga mangangaral nila na simbilibis nang makakaya nila, akala mo'y isang malaking rehimen, malaking makinarya. Tatayo ang mga 'yun roon na parang. . .

³⁸¹ Lagi ko na itong sinasabi, "Ako'y—ako'y talagang awang-awa sa isang manok na galing sa incubator." Alam n'yo, ang isang manok na napisa sa ilalim ng isang incubator, hindi siya napisa nang tama. Hindi nga. Dapat kasi'y inahing manok ang magpipisa ng manok. Subalit ang isang manok na galing sa incubator, pagkapisa niya, sisiyap siya "siyap, siyap, siyap", pero walang nanay na mapuntahan. Kita n'yo? Hindi nga niya alam kung ano ang nanay. Siyanga. Sumisiyap-siyap siya para sumagot ang nanay, subalit walang tumutugon.

³⁸² Subalit ang inakay na manok na pinisa sa ilalim ng inahing manok, sa natural na paraan, sisiyap-siyap siya at sasagot ang nanay. Siyanga.

³⁸³ Hayan nga't minsan ay iniisip-isip ko itong karanasan nila sa seminaryo doon sa ilalim nitong naglalakihang incubator sa Louisville at sa buong mundo, pumipisa ng mga mangangaral na libo ang bilang. Mga incubator ng Pentecostal, incubator ng Presbyterian, at—at incubator ng Baptist, kanya-kanya silang pisa ng kanilang—kanilang—kanilang mga sisiw. Sisiyap sila, "siyap, siyap, siyap," at usap-usap sila tungkol sa incubator kung saan sila napisa.

³⁸⁴ Subalit ang nais ko'y magkaroon ng isang Ama, isang Ina. Purihin ang Pangalan ng Panginoon! Hindi man kasing dami ang kasama kong naipanganak dun, subalit ang mga naroon naman ay mga kapatid kong talaga. Amen. Mayroon tayong Ina na tumutugon sa panahong ika'y. . . isang Ina na nasa Langit, Na nagsisilbing Ina sa ating lahat. "Gaya ng inahing manok na nililimliman ang kanyang mga sisiw, at hinehele sila, at—at inaalagaan sila. . . nililimliman ang kanyang mga sisiw, sa ganoon din ay lilimliman Ko rin naman kayo. Oh, Jerusalem, Jerusalem, makailang inibig Kong tipunin kayo na gaya ng isang inahing manok sa kanyang mga sisiw! Makailang inibig Kong gawin kang Akin, subalit ayaw ninyo. May kanya-kanya kayong mga seminaryo, na pumipisa ng inyong mga saserdote. Tinuruan kayo ng mga 'yan na kumalaban sa Akin. Ngayon ay wala na kayong tatahakin kundi ang mga sarili ninyo. Nasa unahan na ninyo ang inyong pagkawasak."

³⁸⁵ Ngayon sasabihin ko ito. Oh, mga tao! Oh, mga tao, makailang inibig ng Espiritu Santong lukuban kayo, na gaya ng inahing manok sa kanyang sisiw! Subalit ang nais n'yo ay sariling daan ang tahakin. Hayan nga't may sarili kayong daang tinatahak sa bagay na Ito.

³⁸⁶ Isa sa mga gabing ito ay nais kong ipangaral ang tungkol sa, “Inyong sariling daan.” Alam n’yo, pinagpilitan nga ni Cain ang sarili niyang daan. Ang nais nga ng tao’y tumahak sa sarili niyang daan, sa mga panahong ito. “Ngunit may daan na tila matuwid, ngunit ang dulo niyaon ay kamatayan.”

³⁸⁷ Ngayon masdan. “Doon sa sinasabi Niya, ‘Isang bagong— isang bagong tipan. . .’” Sa palagay ko, doon sa. . . Mali po pala. Hindi po pala riyon.

³⁸⁸ Ika-28 talata.

Sapagka’t inilagay ng kautusan na mga dakilang saserdote ang mga taong may mga kahinaan; nguni’t ang salita ng sumpa, na kasunod ng kautusan, ay siyang naglalagay sa Anak, na nananatili magpakailanman.

³⁸⁹ Purihin ang Diyos magpakailanman, dahil sa isang Anak na nananatili magpakailanman ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec. Hayan nga’t wala Siyang naging pasimula. Wala Siyang wakas kailanman. At hindi makapagpapalitaw ang kautusan ng anumang gaya nun, sapagkat ito’y karnal. Hindi makapagpapalitaw ang iglesya ng anumang gaya nun, maging mga denominasyon man, sapagkat karnal sila. Ang—ang mga seminaryo ay hindi makapagpapalitaw ng anumang gaya nun kahit kailan. Pinagpipilitan nilang pag-aralin ang sanlibutan sa halip na Ito. Pinagpipilitan nilang mag-organisa sa halip na Ito. Pinagpipilitan nila ang lahat ng puwedeng maisip sa balat ng lupa, at gagawin nila ‘yun sa sarili nilang kakayahan, pero kakaligtaan ang pinakamahalagang bagay: “Ang dapat nga sana’y maipanganak kayo Rito.” Hinuhubog kayo ng Diyos sa paraang nararapat sa inyo, ganoon nga, hindi dahil sa kaya mo sa ganang iyo na tumigil sa *ganito*.

³⁹⁰ Ngayon, sa mga Nazarene, bawal na bawal kayong magsuot ng singsing, bawal ding magsuot ng relo, at dapat gawin n’yo ang *ganito-ganoong* mga bagay, kailangang *ganitong* kahaba ang abutin ng laylayan ng bisig n’yo, ‘yung mga manggas nga, *ganoong* kahaba dapat ang palda n’yo, at ang mga—at ang mga kalalakhian ay bawal makimiyembro sa anumang kapisanan. At kung hindi kayo susunod hindi nila kayo babautismuhan. Hayan nga. Maging ang mga Katoliko, mayroon din silang sariling ganyan. Maging ang mga Methodist, mayroon din silang sariling ganyan. Bawat isa sa kanila’y may pamantayan na panukat. Kung hindi kayo aakma sa sukat nila, buweno, hanggang diyan na lang daw kayo. Kita n’yo?

³⁹¹ Sa kabila nun, hayan nga’t may tunay na bagay, ito ngang, “Wala akong sukat maihahandog mula sa aking mga bisig! Sa Iyong krus lamang ako nakakapit nananalig. Oh Diyos, hubad, sugatan, tulong ako’y nangangailangan. Oh, dumudulog ako nang may kapakumbabaan, Cristo, ipinahahayag kong wala

akong kabuluhan at walang matatagpuang anumang. Tanggapin Mo ako, Oh Diyos.” Pagkatapos ay tatanggapin ka ng Diyos.

³⁹² Ngayon, maaaring hindi n’yo nga alam ang inyong ABC. Maaaring hindi n’yo makilala ang pagkakaiba ng butil ng kape sa butil ng gisantes. Maaaring alam n’yo, o hindi n’yo alam ang pagkakaiba ng sulong sa hinto, kanan sa kaliwang kamay. Hindi na mahalaga kung anu-ano pa ang *hindi* n’yo nalalaman. May isang bagay lang kasi kayong *dapat* malaman, na, kinuha ni Jesus Cristo ang inyong lugar bilang isang makasalanan. At inyo nang nakamit ang lugar n’yo, para makatayo sa Kanyang katuwiran, nagpapahayag araw-araw na kayo’y nagkamali, at iniibig Siya nang buong puso, at ang buong hangad n’yo ay nakatuon na sa Kanya, na makapapasok kayo sa Langit. Iyon lang ang dapat n’yong malaman, sapagkat ang Buhay na nakay Cristo ay kinakailangang mapasainyo, kundi ay mapapahamak kayo.

³⁹³ Bago lamang magtapos, naaalala pa ba n’yo ’yung tipan na ginawa ng Diyos kay Abraham na walang kundi-kundisyon? Anong ginawa Niya noong gabing ’yun noong sabihin ng Diyos, “Ipakita Mo sa akin...” Noong sabihin ni Abraham, “Ipakita Mo sa akin kung papaano Mo iyon gagawin.” Ika-16 na kabanata, doon nga, sa Genesis. “Ipakita Mo sa akin kung papaano Mo iyon gagawin.”

³⁹⁴ Sabi, “Halika rito, Abraham.” At dinala Niya si Abraham, sabi, “Pumunta ka’t dalhan mo Ako rito ng isang—isang lalaking tupa, at pumunta ka’t dalhan mo Ako rito ng isang—isang—isang kambing, at pumunta ka’t dalhan mo Ako rito ng dumalagang baka. At nais Kong dalhin mo ang mga iyon dito at maghain ka.”

³⁹⁵ At lumakad na si Abraham at dinala ang tupa, at ang—at ang kambing, at ang—ang—ang kordero, o, ang dumalagang baka. At kinatay niya ang mga iyon. Malilinis ang lahat ng mga haing naroon. At hinati niya ang mga iyon sa kala-kalahati, at inilapag ang mga iyon. Pagkatapos ay lumakad siya’t kumuha ng dalawang kalapati, at inilapag din doon ang mga ’yun. At binugaw ni Abraham ang mga ibong mandaragit sa mga iyon, habang hinihintay niya ang pagdating ng Diyos. “Ngayon, Panginoon, nariyan na po ang hain, papaano Mo gagawin ito? Hindi ko alam kung papaano Mo ililigtas ang tao mula sa sarili niyang kalooban. Hindi ko alam kung papaano Mo gagawin ito. Papaano Mo gagawin iyon, Panginoon?”

³⁹⁶ Sinabi ng Panginoon, “Ngayon masdan mo, Abraham. Isa kang propeta. Isa kang espirituwal, at mauunawaan mo kung anong sinasabi Ko.”

³⁹⁷ “Sige po, Panginoon, nais kong makita.” Ngayon isinasadula ko lang ito.

³⁹⁸ “Sige, Abraham, pumarito ka ngayon, at maupo ka rito at bugawin mo ang mga ibon.” Kaya’t binugaw niyang lahat ang mga ibon, hanggang sa mag-umpisa nang lumubog ang araw.

³⁹⁹ At sa di mo inaasahan, bumaba ang Diyos. Noong bumaba ang Diyos, bigla na lang inantok si Abraham. Sinabi ng Diyos, “Abraham, patutulugin Kita.”

⁴⁰⁰ Ngayon pakinggan n’yo nga ito, kapatid na legalista. Kita n’yo, buong-buong inalis ng Diyos si Abraham sa eksena, wala man lang siyang anumang kinalaman doon. At sa ganoon ka rin Niya hinango. Sasabihin mo, “Oh, ako ang naghanap sa Diyos.” Hindi mo kaya.

⁴⁰¹ Ang Diyos ang naghanap sa iyo, “Walang taong makalalapit sa Akin maliban nang ang Ama ang sa kaniya’y magdala muna sa Akin.” Kita n’yo?

⁴⁰² Ang Diyos ang naghanap sa inyo, hindi kayo ang naghanap sa Diyos. Hindi n’yo nga magagawa iyon kahit kailan. Mali ang kalikasan ninyo. Isa kayong baboy. Wala kayong mainam na nalalaman. Basta’t nakatira lang kayo sa isang kulungan ng baboy. Iyon lang ang nalalaman n’yo. Gustong-gusto n’yo ’yun. Painom-inom ng serbesa, palublob-lublob sa putikan, pupuslit kasama ang asawa ng kapitbahay mong lalaki; at ginagawa na ang lahat na ng magagawa mong masama, na para bang kay inam nun. “Oh, kapatid, nagkakasiyahan kami nang husto!” Iniisip n’yong mainam ’yun.

⁴⁰³ Sa kabila nun kumakatok ang Diyos sa inyong puso. [Kumakatok si Kapatid na Branham sa pulpito—Pat.] Ang pagkatok na ’yun ang nagpapabago. Hindi ang pagkatok n’yo sa Diyos; ang pagkatok ng Diyos sa inyo. Ni kailanman ay hindi kumatok si Adan sa puso ng Diyos; ang Diyos ang kumatok sa puso ni Adan. At anak kayo ni Adan. Siyanga. Bago pa maging anak ng Diyos si Adan, muli, kinakailangang kumatok muna ang Diyos sa kanyang puso. Bago kayo maging anak ng Diyos, kinakailangang kumatok muna ang Diyos sa inyong puso.

⁴⁰⁴ Pagkatapos, nakatulong si Abraham. At noong makatulong siya, ano ang pinakaunang bagay na nakita niya? Isang kakilakilabot, nakakatakot, kasindak-sindak, na kadiliman. Iyon nga ang kamatayan, na dinatnan ang buong lahi ng tao. Pagkatapos ay tumingin siya nang mas malayo pa nang kaunti roon, at nakakita siya ng isang hurnong umuusok. Bago ka magkaroon ng usok, kailangang may apoy ka muna. Iyan nga ang dahilan kung bakit naniniwala akong ang impiyerno ay isang umaapoy na dako. Sige.

⁴⁰⁵ Ipinakita nga Niya roon, na ang bawat isa sa atin ay sasailalim sa kamatayan, at ang bawat isa sa atin ay dapat na mapunta ng impiyerno, dahil mga makasalanan tayo.

⁴⁰⁶ Ngayon, subalit, lampas nun, nakakita siya ng isang munting, puting Liwanag.

407 At itong munting, puting Liwanag, ano ba itong Liwanag? Ano ang puting Liwanag na iyon? Ang Haliging Apoy iyon na pinangungunahan ang mga anak ni Israel. Ang Haliging Apoy na kumatagpo kay Pablo sa daan patungong Damasco. Ang Haliging Apoy na naglabas kay Pedro sa bilangguan. Ang Haliging Apoy na naririto ngayong gabi.

408 Yaong Walang Hanggang, Diyos magpakailanman, Siya Mismo ang lumakad sa pagitan nitong mga pinaghati-hating hain, (oh, kay ganda), pabalik-balik sa bawat isa. “Ganito Ko gagawin ito, Abraham. Masdan mo Ako, kung anong gagawin Ko. Gagawa Ako ng isang pakikipagtipan dito. At manunumpa Ako, na, sa iyong Binhi, magbabangon Ako ng Tagapamagitan. Makikipagtipan Ako sa kamatayan. At hahatulan Ko ang kamatayan, na naroon sa laman, hayan nga’t Ako Mismo ang pupunta’t kukunin ito. Abraham,” sabi, “sa pamamagitan ng iyong Binhi, Abraham, ay paririto, ikaw ay magiging Ama ng sanlibutan, sa pamamagitan ng iyong Binhi. At hindi lang ikaw, ang pinangangakuan Ko, kundi pati na rin ang iyong Binhi paglipas mo.” Nakikilala nga Niya ang bawat isang darating. “Hindi sa ganang *kanila*; kundi kung anong Aking gagawin. Ako ang gagawa nito, Abraham. Pinagtiwalaan Ko si Adan noon, at sumira siya. At sumira ang bawat isa sa kanila. Subalit gagawin Ko nga ito nang sarili Ko Mismo ang gagawa, at ipanunumpa sa sarili Ko Mismo, ‘Akin Itong tutuparin.’” Amen. Amen. Amen.

409 Tayo naman, paano tayo gumagawa ng pakikipagkasundo? Sasabihin ko, “Kapatid na Neville. . .” Ngayon masdan n’yo itong maigi, sa ilang saglit. Sasabihin ko, “Kapatid na Neville, sasabihin ko sa iyo kung anong gagawin ko. Kung mangangaral ka hanggang. . .bukas ng gabi, at sa susunod na gabi, tuluy-tuloy hanggang Miyerkules, Mangangaral naman ako, mula Miyerkules, tuluy-tuloy hanggang Linggo.” [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] “Sumasang-ayon ka ba sa kasunduang ’yan?”

410 “Oo, naman.”

411 Ganito natin ginagawa ito. “Magkamayan tayo, kapatid.” [Nagkakamayan sina Kapatid na Branham at Kapatid na Neville—Pat.] Ganoon nga. Ganoon ang pakikipagkasundo ng tipan sa Amerika. Ganoon tayo makipagtipan.

412 Ngayon, papaano naman sila nakikipagkasundo ng tipan sa bansang Hapon? Ganito nga, mag-uusap muna, “Gawin mo ang *ganito-at-ganoon*, at gagawin ko naman ang *ganito-at-ganoon*.” Tapos kukurot tayo ng kaunting asin, ’pagkat ang asin ay pampalasa. At kukunin natin ’yung asin, at isasaboy ko ’yun kay Kapatid na Neville, at kukuha si Kapatid na Neville ng asin—asin at isasaboy ’yun sa akin. Isa ’yung kasunduang hindi basta-basta puwedeng baliin.

413 Papaano nakipagkasundo ng tipan si David Livingstone sa katutubo ng Aprika, para makaparoon siya sa lupain nila roon?

Nagpunta siya at kinausap ang pinaka pinuno, kung puwede siyang bumagtas doon, upang maipangaral ang Ebanghelyo at maisagawa ang dapat niyang gawin. At kumuha sila ng isang basong alak. Ganito nga isinasagawa ang pakikipagkasundo ng mga katutubo sa Aprika. May baso sila ng alak. At susugatan ng pinunong katutubo ang sarili niyang ugat, at patutuluin ang dugo sa isang basong alak. At susugatan ni David Livingstone ang sarili niyang ugat, at patutuluin ang dugo sa baso ng alak. Hahaluin nila 'yun. Iinumin ni Livingstone ang kalahati nun, at iinumin naman ng pinunong katutubo ang kalahati nun. At magpapalitan sila ng kaloob, sa isa't isa. Sa pinunong katutubo, sasabihin nga ni David Livingstone, "Ano ang hihingin mo sa akin?"

414 Sabi nito, "Iyang puting amerikanang suot-suot mo." Kaya hinubad ni Livingstone ang kanyang amerikana at ibinigay 'yun sa pinunong katutubo. Sabi nito, "Ano ang hihingin mo?"

415 Sabi niya, "Iyang sagradong sibat na hawak-hawak mo sa iyong kamay." Sapagkat, alam niyang makapapasok siya kung nasa kanya 'yun, kaya kinuha niya ang sibat na 'yun. At naging magkapatid na sila, sapagkat nakipagkasunduan sila sa isang tipan.

416 At habang bumabagtas siya roon, at nagsipaglabasan ang mga tribo upang patayin siya, itinaas niya ang sagradong sibat na iyon. At nung maitaas niya 'yun, napatingin sila at sabi nila, "Oh, oh, hindi natin maaaring galawin ang taong 'yan." Bakit? "Siya'y isang kapatid sa pakikipagkasundo, bagama't puti siya, hindi pa natin siya nakita kailanman." Hindi nila alam na itim sila hanggang nung makita nila siya. Hindi pa sila nakakita ng ganoon dati. "Subalit isa siyang kapatid sa pakikipagkasundo. Hawak-hawak niya sa kanyang kamay ang sibat ng pinuno."

417 Kay gandang larawan nga nito, sa panahon ngayon, itong pag-inom ng pinagkatipang Dugo ng Panginoong Jesus, na hayan nga't sumasaatin ang kapangyarihan ng Espiritu Santo! Sumusulong tayo sa Pangalan ni Jesus, at magsisilakip ang mga tandang ito sa kanila na kabilang dito. Ito ang sagradong Sibat ng Pinuno. Nakita n'yo na kung gaanong kaganda, itong pinagkatipan?

418 Papaano nga sila nakikipagtipan doon sa silangan noong sinaunang panahon? Nanunumpa sila, sa isa't isa. Nagkakatay sila ng isang hayop, hahatiin 'yun, at tatayo sila sa mismong pagitan nun. Ang—ang dalawang lalaki ay tatayo sa pagitan nun, ng hinating hayop. At pagkakasunduan nila ang isang tipan. "Kung mabigo akong tuparin *ito*, kung mabigo akong gawin ang *ganito*, aba, *ito* at *ganito-at-ganito*, maging gaya nga ng patay na hayop na ito ang katawan ko. Maging gaya ng patay na hayop na ito ang katawan ko." At kapag nagawa na nila 'yun, kukunin nila ang tipan na 'yun at tatayo sa pagitan *nito*; manunumpa,

ipanunumpa nilang tutuparin nila 'yun. At pupunitin nila 'yung papel, pupunitin ng dalawa, hanggang mahati, at iaabot ang isang bahagi nun sa isa sa kanila, 'yung isang bahagi naman sa pangalawa. Sa itatakdang panahon ay magkikita sila. At ipatutupad sa kanilang mamatay sa ganoong kamatayan, kung mabigo nilang tuparin ang sinumpaang nila; at maging tulad nga ng mga patay na hayop na naroon. Sige.

419 Napansin n'yo ba ang tatlong hayop? May kasakdalan; ang tupa, ang kambing, at tatlo ngang sakdal na hain. Ano 'yung tupa . . . Ano 'yung kalapati? At para saan naman ang dalawang kalapati? Ang dalawang kalapati ay inihahain kapuwa para sa kaligtasan at kagalingan, para sa—para sa . . . sinumang papasok doon. Kita n'yo? Ang mga pagtutubos ay ginawa, sa ibang paraan, samantalang sa kagalingan ay walang ginalaw, at sa kaligtasan ay ganoon din na walang ginalaw. Ang dalawang kalapati, ay hindi hinati sa dalawa, nangangahulugang sila'y inihaing buo, kapuwa. Ang kaligtasan . . . “Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo. Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang. Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo.” Inilapag sila sa tabi, nang hindi pinaghiwalay. Subalit ang tipan, ang kinakatawan ng hayop (tatlo 'yun doon) ay pinaghati-hati. Nakita n'yo? Pagkatapos na magawa nila 'yun, nagpunit sila at ipinagkasundo ang tipan.

420 Masdan n'yo ang sinasabi rito ng Diyos kay Abraham. “Sa Kalbaryo, sa Kalbaryo, sa iyong Binhi. Mula sa iyo ay lumabas si Isaac. Mula kay Isaac ay lumabas si *ganito-at-ganoon*, si Jacob. Mula kay Jacob ay lumabas si Joseph. Mula kay Joseph, pababa, nang pababa, nang pababa, maraming nagsisunod pa, hanggang, sa wakas, lumitaw ang matuwid na Binhing iyon!” Kanyang . . .

421 Kasasabi lang Niya, rito, sinasabi na ang ating Panginoon ay lilitaw sa isang bayan na tungkol dun ay walang sinalitang anumang. Si Moises ay walang sinalitang anumang, na lilitaw mula sa angkan ng mga saserdote. “Ang ating Panginoon ay lumitaw mula sa angkan ni Juda.” Hindi mula ka Levi, sapagkat sila'y mga karnal na legalista. Hayan nga't lumitaw ang ating Panginoon mula kay Juda. Luwalhati! Hayan nga. Hayan nga't ibinigay na ang pangako!

422 Makinig kayong mabuti ngayon, sa pagtatapos natin. At sa Kalbaryo nga, nanaog ang Diyos at kinuha ang katawan ng Sarili Niyang Anak, na pinanahanan Niya, at hinapak Niya iyon sa Kalbaryo. Natigmak ang Kanyang dugo, nasugatan, nagalusan, at bumaon ang sibat at nahapak Siya, at bumuhos ang Kanyang Dugo. At sinabi Niya, “Ama, sa mga kamay Mo ay ipinagtatagubilin Ko ang Aking Espiritu.” Iniyuko Niya ang Kanyang ulo. At nayanig ang lupa, at sumiklab ang mga kidlat at dumagundong ang mga kulog. Isinusulat noon ng Diyos ang Kanyang walang hanggang tipan.

423 At kinuha Niya ang patay Niyang katawan mula sa libingan, sa unang araw ng sanlinggo, at dinala iyon sa Langit, at pinaupoon bilang Dakilang Saserdote, bilang bantayog; nakaupoon, sakdal, magpakailanman. At isinugo Niya ang Espiritung Kanyang hinapak mula sa katawang iyon, upang bumaba sa Iglesya. At kinakailangang taglayin ng Iglesyang 'yun ang siya ring Espiritung nasa katawang 'yun, kundi ay hindi 'yun lalapat nang tugmang-tugma Dito sa pagkabuhay na mag-uli. Kailangan ngang ganap na maglapat ang dalawang pirasong 'yun. At kung ang Iglesyang ito ay hindi ganap, tumutugma sa siya ring Espiritung nakay Cristo, hindi kayo makakasama sa Pag-agaw.

424 Hayan nga ang walang hanggang tipan, kapatid. Saliksikin mo nga, ang iyong sarili, kung nariyan ito sa puso mo. Ibigin mo ang Panginoon. Pakatiyakin mong ligtas ka. Huwag kang magbaka-sakali lang. Nakikipagsapalaran ka. Oh, kayo, tayong mga Amerikano, gustong-gusto nga nating makikipagsapalaran, subalit huwag kayong makikipagsapalaran sa bagay na Ito. Tiyakin n'yong kayo'y nasa tama talaga. Hindi dahil kayo'y nakikianib sa iglesya, kundi dahil sa kayo'y tunay na ngang naipanganak muli, dumating na si Cristo sa inyo, sa Katauhan ng Espiritu Santo.

425 Ngayon, bilang tanda ng pasasalamat, din, sa pagtatapos ko rito. Dapat nga tayong magalak, ngayong nakikita nating ang siya ring Espiritu na nakay Jesus Cristo, ay nasa mismong piling natin, na ginagawa ang siya ring mga bagay na ginawa Niya noong narito pa Siya sa lupa! Dapat nga tayong magalak!

Manalangin tayo ngayon, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

426 Panginoon, isa ngang napakadakilang araw ito. Bagama't pakiramdam ko'y palagi na lang, akong nabibigo. Hindi ko Ito maipakita nang tama, Panginoon. Idinadalangin ko pong ako nawa'y patawarin Mo sa mga mangmang kong pamamaraan. Oh, ipinahahayag ko sa harapan Mo ang aking mga kasalanan, at humihingi ng habag, nalalamang may dakilang Punong Saserdote na nakatayo roon sa kanan ng Diyos, sa Kalangitan, Na hindi ayon sa pagkasaserdote ni Aaron, ni ayon man sa mga kautusan at mga legalistang pamamaraan at mga bagay-bagay. Kundi iniupo Siya Roon dahil sa biyaya ng Diyos na tumanaw sa hinaharap, bago pa man maitatag ang sanlibutan, at nakita na ako rito sa sanlibutan, at namatay para sa aking mga kasalanan, upang maipanumbalik ako sa Kaharian ng Diyos. Pinasasalamatang Kita, Ama, para rito.

427 Sapagkat, ang Espiritung ito na naghahari ngayon sa Iyong mga hinirang ay Walang Hanggan kung papaanong ang Diyos ay Walang Hanggan. "Sila'y binibigyan Ko ng Walang Hanggang Buhay, magpakailanpamang Buhay, magpawalang-hanggang

Buhay, at kailanma’y hindi sila malilipol.” At sa Paghatol, hindi na sila paroroon. Nilampasan na nila ang mga paghatol. Dumako na sila sa Kaluwalhatian. “At kung masira ang tabernakulong ito na ukol sa laman, may isa tayong naghihintay roon na pupuntahan natin.” Salamat para roon, Panginoon.

⁴²⁸ Dumadalangin ako ngayon, na kung may isa rito, ngayong gabi, na hindi pa nakakainom ng tunay na Dugo ng tipan, na hindi alam kung gaanong kahalaga ito, hindi alam kung gaanong kahalaga ang maipanganak muli, ang magkaroon ng isang tunay na pakikisama kay Cristo sa kanilang puso, o sa kanyang puso, kanilang tanggapin nawa Siya ngayon, habang naghihintay kami at nabigyan ng ganitong pagkakataon. At sa Araw na iyon, dalangin nawa namin na maipakita nga namin ang Ebanghelyo sa tama nitong Liwanag. Dumadalangin kami, sa Pangalan ni Cristo.

⁴²⁹ Habang nakayuko ang ating mga ulo, mayroon ba riyang gustong magtaas ng kamay kay Cristo, at sasabihing, “Cristo ng Diyos, mahabag Ka po sa akin. Itulot sa akin, na isang di karapat-dapat Mong lingkod, na matanggap ko nawa ngayon ang Espiritu Santo sa aking puso. At mapagkalooban nawa ako ng katiyakan at pag-ibig na tunay kong kailangan”? Kung hindi n’yo pa Ito natatamo, maaari n’yo bang itaas lamang ang iyong mga kamay sa Kanya, sabihin, “Panginoon, ito ay isang tanda na inaasam ko Itong talaga”? Maaari mo bang itaas ang kamay mo? Pagpalain ka ng Diyos diyan sa likuran, binibihi. Pagpalain ka ng Diyos sa banda rito, ginoo. Pagpalain ka rian, ginoo. Sumaiyo nawa ang Diyos. Napakainam nga ’yan. Ang lalaking itong dito sa dulo, pagpalain ka ng Diyos, kapatid ko. At may iba pa po ba, bago lamang tayo magtatapos sa mga oras na ito, naghihintay lamang nang ilang sandali. Pagpalain ka ng Diyos diyan, iho. May iba pa ba?

⁴³⁰ “Inaasam ko ngayon. Inaasam ko, Panginoong Diyos. Talos Mo ang puso ko. Talos mo kung anong nasa isip ko. Ikaw, ‘Ang Espiritu ng Diyos ay mas buhay at mas matalas kaysa sa isang tabak na may dalawang talim, bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng utak sa buto, at madaling Kumilala ng mga pag-iisip ng puso.” Pagkaisipin n’yo Iyon. Alam na alam nga Niya ang mismong laman ng inyong isip, ng inyong mga haka.

⁴³¹ Maaari mo bang itaas ang iyong kamay? Sabihin, “Mahabag Ka po sa akin, Diyos, sa mga oras na ito. Gusto kong—kong ipaalam sa Iyo na alam kong nagkamali ako, at napagtanto ko ito, hayan nga’t nais kong maitama.” Sige, habang nananatili tayong nakayuko, nananalangin sa mga oras na ito, isipin n’yo nga iyon pansumandali. Ayaw nating madalian ito.

Rock of Ages, cleft for me,
Let me hide myself in Thee;
Let the water and the Blood,

From thy flowing side . . .
Be for sin the dou- . . .

Dobleng lunas! Ipinanumpa Niya iyon, sa dalawang bagay na di mababago.

Save from wrath and make me pure.
While I draw . . .

⁴³² Oh Panginoon, ipagkaloob mo po ngayon na mapagtanto naming lahat na ang mga hiningang ito na aming hinihinga ay mabilis na maglalaho. Hindi namin alam kung gaano pang karami pang hininga ang mayroon kami sa hinaharap namin. Ang lahat ng ito ay sa pamamagitan lamang ng Iyong dakilang pagtatalaga. Ikaw ang nagtatakda nito. Oh, mahabag Ka po sa amin. At sa mga nagtaas ng kanilang mga kamay, Panginoon, hindi na kailangang banggitin pa ang pangalan nila. Kilala Mo ang bawat isa sa kanila. Subalit akin lamang inihahandog ang panalanging ito ng pamamagitan para sa kanila. Idinadalangin ko nga pong alisin Mo ang bagay na kumukundena sa kanilang puso, at tulutan nawa silang makalapit nang may katapangan, ngayon mismo, sa Luklukan; makalakad nang may katapangan sa Luklukan ng Diyos, kunin ang pribilehiyong ipinagkaloob sa kanila ng Diyos. Ikaw ang nagbunsod sa kanila upang itaas nila ang kanilang kamay. Hindi nga nila magagawa ang bagay na 'yun sa sarili lang nila. At idinadalangin ko nga, Diyos, na Iyong ipagkakaloob ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

. . . myself in Thee;

Ngayon, sambahin n'yo nga Siya nang taimtim ngayon.

Let the water and . . . (Oh, kay ganda!)
From Thy wounded side which flowed,
Be of sin the double cure,
Save from wrath and make me pure.

⁴³³ Ilan sa inyo ang napakainam ng pakiramdam ngayon? Itaas n'yo nga ang inyong kamay, sabihin, “Purihin ang Panginoon!” [Sinasabi ng kongregasyon, “Purihin ang Panginoon!”—Pat.] Oh, kahanga-hanga Siyang talaga! Oh!

There's Room At The Fountain. Alam mo ba 'yun, Kapatid na Gertie? Awitin natin. Ilan ang gustong-gusto ang awiting iyon? Ngayon magsasagawa tayo ng gawaing pagbabautismo, sa ilang sandali. [Kinakausap ni Kapatid na Branham si Kapatid na Neville—Pat.] Ikaw ang magbabautismo sa kanila? Sige.

Room, yes, there is room,
There's room at the Fountain for thee;
Room, room . . .

⁴³⁴ Sige. Yaong mga magpapabautismo, sa silid pong *ito* ang mga kalalakhian, sa isang *ito* naman ang mga kababaihan, sige, 'yung mga babautismuhan sa banal na Pangalan ng ating Panginoon.

. . . good to thee,
 There's room at the Fountain for thee;
 God has been so good to me,
 There's room at the Fountain for thee.

435 Ngayon sabay-sabay po tayong lahat.

Room, room, yes, there is room,
 There's room at the Fountain for thee;
 Oh, room, room, yes, there is room,
 There's room at the Fountain for thee.

436 Oh, gustong-gusto ko talaga ang lumang awit na 'yan. Kayo rin po diba?

There's room at the Fountain for thee;
 Oh, room, room, there's plenty of room,
 There's room at the Fountain.

437 Ngayon, habang naroon na sa loob ang matanda sa iglesia, inihahanda ang pagbabautismo, nais kong magpaliwanag sa mga narito ngayong dumalo. At gusto kong ipaalam sa akin ng mga diyakonong nasa loob, kung naririnig nila ako sa silid, ipaalam nila sa akin kung nakahanda na sila, pumarito sila at—at ipaalam sa akin, at para mailipat natin ang puwesto ng mga mikropono. Nais naming makita ninyong lahat ito. Sampung minuto lamang ito, at magtatapos na ang gawain sa iglesia.

438 Ngayon nais kong basahin sa inyo ang ilan sa mga banal na Kasulatan. Nais kong basahin ang mga nakalagay rito sa Aklat ng Mga Gawa. At nais kong simulan sa ika-12 talata ng ika-2 kabanata ng Mga Gawa.

439 Ngayon, nais kong pansinin n'yo sa ika-16 na kabanata ng San Lucas, o ng San Mateo, doon nga sa palagay ko, na si Jesus noon ay pababa mula sa bundok. Sila. . . Sinabi sa Kanyang mga alagad, "Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino ang Anak ng tao?"

440 "At anang ilan sa kanila, aba, Ikaw si 'Elias.' At sabi ng ilan na Ikaw—Ikaw 'ang Propeta.' At sabi ng ilan na Ikaw si *ganito* o ang *iba pa*."

441 Sabi Niya, "Datapuwat anong sabi ninyo kung Sino Ako?"

442 At sabi ni Pedro, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay." Tama ba? [Sinababi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

443 Sinabi ni Jesus. "Mapalad ka, Simon Bar-Jonas, sapagkat hindi ito ipinahayag ng laman at ng dugo. Hindi mo natutunan sa isang seminaryo. Hindi mo Ito natutunan sa pamamagitan ng tao." Sabi, "Kundi ipinahayag ito sa iyo ng Aking Amang nasa Langit. At sinababi Ko naman na ikaw ay Pedro. Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesia. At ang mga pintuan ng impiyerno ay hindi makapananaig sa Kanya. At ibinibigay Ko sa iyo ang mga susi ng Kaharian ng Langit." Tama ba iyon? [Sinababi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] "At anumang iyong

kalagan sa lupa, kakalagan Ko iyon sa Langit. Ang tatalian mo sa lupa, tatalian Ko iyon sa Langit.” Talaga bang gagawin Niya iyon? Di sana’y hindi na sana Niya sinabi Iyon. Ngayon, umusad ang panahon, ngayon, nakay Pedro ang mga susi ng Kaharian.

⁴⁴⁴ Ngayon, sa mga Katoliko, maaaring isipin n’yo ito, na sasabihin n’yo, “Naitayo ang iglesya Katolika kay Pedro.” Sige, aalamin natin ’yan mamaya. “Nasa kanila raw ang mga susi. Nasa iglesya Katolika pa rin daw ang mga susi.”

⁴⁴⁵ Alamin natin kung anong ginawa ni *Pedro* sa mga susi, kita n’yo, saka natin malalaman. Sinabi ng Biblia, kay Pedro at sa iba pang mga apostol, “Humayo kayo sa buong sanlibutan. Sinumang inyong patawarin ng mga kasalanan, ay ipinatatawad sa kanila. Sinumang hindi ninyo patawarin ng mga kasalanan, ay hindi ipatatawad sa kanila.” Hayan nga’t, sinasalita Ko ito. . . Maaring meron dito na hindi maunawaan ang gusto kong sabihin. Sinabi nga ni Jesus sa mga apostol, “Ang patatawarin ninyo ng mga kasalanan, ay patatawarin Ko rin naman. At ang hindi ninyo patatawarin ang mga kasalanan, at papananagutin sila dito, ay papananagutin Ko rin naman ito sa kanila.” Iyon ang sinabi ni Jesus.

⁴⁴⁶ Masdan n’yo nga’t ’yan din ang pinagdidinaan ng iglesya Katolika.

⁴⁴⁷ Subalit alamin nga natin kung papaano nila ginawa iyon noong araw. Nang magkagayon kapag nalaman na natin kung papaano nila ginawa ito, ibig sabihin ganoon din dapat ang gawin natin. Ngayon alamin nga natin.

⁴⁴⁸ Araw noon ng Pentecostes. Pasimula ng Iglesya. Nagtipun-tipon silang lahat sa silid sa itaas. Lumabas mula roon ang mga lalaking, nagsasalita ng iba’t ibang wika. Bakit? Bawat wika sa silong ng Langit ay naroon. May Ingles din doon, ganoon nga. Naroon ngang lahat sigurado ang bawat wika sa silong ng Langit, pati ang wikang sinasalita ng mga tao roon noong araw na iyon. Maging mga wika sa panahon natin ngayon at ang iba pang lingguwahe, at ng mga Cretense at mga nakikipamayan, at mga naging Hudyo na taga-Roma, at—at—at ng mga Arabe, at sinalita ngang lahat ’yun at kamang-. . . Ngayon, hindi sila nagsasalita sa mga di maintindihang wika. Nagsasalita sila sa mga wikang naiintindihan, ng mga tao. Hindi mga wikang di maintindihan, kundi mga wikang naiintindihan ng bawat isa. Ang makasalanan, ang di-mananampalataya, ay naririnig kung anong sinasabi. “Bakit nga naririnig ng bawat isa sa atin ang ating sariling wika na—na ating kinamulatan?”

⁴⁴⁹ Ngayon masdan n’yo. Ngayon heto ang tanong. Ngayon, “Ang mga iba’y nanlilibak.” Sa ika-12 talata, sige.

At silang lahat ay nangagtaka at. . . nangalito, na sinasabi ng isa sa isa, anong kahulugan nito?

*Datapuwa't ang mga iba'y nanlilibak at nasipagsabi,
Sila'y . . . puno ng bagong alak.*

⁴⁵⁰ Pinagtawanan nila sila. Sapagkat, ano ang ginagawa nila roon? Pasuray-suray silang tulad sa mga lasing, tulad sa mga taong lasing. Nagsisipagsalita, hindi naman nila naiintindihan kung anong pinagsasabi nila, subalit patuloy sa pangangaral sa kongregasyong naroon sa mga wikang di nila maintindihan, pero naiintindihan ng kongregasyon. Kita n'yo? Sige.

*Datapuwa't ang mga iba'y . . . nangagsabi, Sila'y puno
ng bagong alak, tingnan n'yo ang ikinikilos nila.*

*Datapuwa't ang mga iba'y nanlilibak, na ang sabi,
Sila'y . . . puno ng . . .*

"Datapuwat si Pedro . . ." Maghunos-dili ka, iho! Nasa iyo ang mga susi.

*Datapuwa't pagtindig ni Pedro, na kasama ang
labingisa, ay itinaas ang kaniyang tinig, at sa kanila'y
nagsaysay na sinasabing, . . .*

Ngayon, tandaan n'yo, ito ang pasimula ng Iglesya.

*. . . Kayong mga lalaking taga Judea, at . . . kayong
nangananahan sa Jerusalem, mangaalaman nawa
ninyong lahat ito, at inyong pakinggan ang aking mga
salita:*

*Sapagka't ang mga ito'y hindi mga lasing, na gaya ng
inyong inaakala; yamang ngayo'y oras na ikatlo lamang
ng araw.*

Ni hindi pa nga bukas nung mga oras na 'yun ang mga bahay-
inuman. Kita n'yo?

*Datapuwa't ito'y yaong sinalita na sa pamamagitan ng
propeta Joel;*

*. . . mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Dios,
Na ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman:
sa inyong mga anak na lalake at . . . babae, at sila
ay manganghuhula, at ang inyong mga binata ay
mangakakakita ng mga pangitain, ang inyong mga
matatanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip:*

*Oo't sa aking mga lingkod na lalake at . . . aking
lingkod na babae ay aking ibubuhos sa mga araw na
yaon ang aking Espiritu; . . . magsisipanghula sila.*

*At magpapakita ako ng mga kababalaghan sa langit
sa itaas, at mga tanda sa lupa sa ibaba; . . .*

Ngayon, heto na nga si Pedrong nangangaral ngayon, nasa
kanya ang mga susi.

. . . dugo, . . . apoy, . . . mga singaw ng usok:

Ang araw ay magiging kadiliman, . . . ang buwan ay dugo, bago dumating ang dakila at tanging araw ng Panginoon:

At mangyayari, na ang sinomang tumawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas.

Kayong mga lalaking taga Israel, pakinggan ninyo ang mga salitang ito; Si Jesus na taga Nazaret, lalaking pinatunayan ng Dios sa inyo sa pamamagitan ng mga gawang makapangyarihan at mga kababalaghan at tanda, na ginawa niya . . . sa gitna ninyo, . . . sa inyong sarili . . . nalalaman ninyo;

Napakatinding pagsaway nga n'yan? Nasa kanya ang mga susi, alam n'yo. Na . . .

Siya, na ibinigay sa takdang pasiya at ng paunang kaalaman ng Dios, . . .

Hayan nga. Papaano Siyang maibibigay? Dahil itinalaga na kasi ito ng Diyos sa ganoong pagkatakda. Kita n'yo? Paunang kaalaman ng Diyos!

⁴⁵¹ [Tinatanong ng isang kapatid na lalaki si Kapatid na Branham, "Handa na po ba kayo?"—Pat.] Sandali na lamang ito. Pakisabi, maghintay lamang nang ilang saglit, hanggang sa matapos kong basahin ang Kasulatan.

. . . inyong kinuha, sa pamamagitan ng mga kamay ng mga tampalasan, ay inyong ipinako sa krus at pinatay:

Na siya'y binuhay na maguli ng Dios, at pagkaalis sa mga hirap ng kamatayan: sapagka't hindi maaari . . . na siya'y mapigilan nito.

Sapagka't sinabi ni David tungkol sa kaniya, Nakita kong lagi ang Panginoon . . . nasa aking kanang kamay, at upang huwag akong makilos:

Dahil dito'y nagalak ang aking puso, at natuwa ang aking dila; pati . . . ang aking laman ay mananahan sa pagasa:

Sapagka't hindi mo iiwan ang kaluluwa ko sa Hades, Ni titiisin man na ang iyong Banal ay makakita ng kabulukan.

Ipinakilala mo sa akin . . . ang aking—ang aking mga daan, ang aking mga daan ng buhay; pupuspusin mo ako ng kagalakan at sa harap ng aking mukha.

Mga kapatid, malayang masasabi ko sa inyo ang tungkol sa patriarkang si David, . . . siya'y namatay at inilibing, at nasa atin ang kaniyang libingan . . . sa araw na ito.

Palibhasa nga'y isang propeta, at sa pagkaalam na may panunumpang isinumpa ng Dios . . .

Katatapos ko lang itong maipangaral.

. . . na sa—sa mga bunga ng kaniyang baywang, ay kanyang. . . sa laman, ay iluluklok niya si Cristo sa kaniyang luklukan;

Kagaya nga ng katatapos ko pa lamang na maipangaral. Gayon din ang ipinangangaral ni Pedro.

At palibhasa’y nakikita na niya ito, nakita na ito ng propeta dati, ay nagsalita tungkol sa pagkabuhay na maguli ng Cristo, na siya’y hindi pinabayaan sa Hades, ni ang kaniya mang katawan ay hindi nakakita ng kabulukan.

Ang Jesus na ito ay binuhay na maguli ng Dios, at tungkol dito lahat kami ay mga saksi.

Palibhasa nga’y pinarangal, at sa kanang kamay. . . na nasa kanang kamay ng Dios, pinarangalan sa langit, tinanggap na sa Ama. . . pangako ng Espiritu Santo, . . . ibinuhos niya ito, na inyo ngang nakikita at naririnig.

Sapagka’t hindi umakyat si David sa langit, (ang propeta): datapuwa’t siya rin ang nagsabi, Sinabi ng PANGINOON sa aking Panginoon, Maupo ka sa kanan ko,

Hanggang sa gawin ko ang mga kaaway mo na tuntungan ng iyong mga paa.

Pakatalastasin nga (pakinggan n’yo ito) nang maigi ng buong angkan ni Israel, na ginawa ng Dios itong si Jesus, na inyong. . . ipinako sa krus, na Panginoon at Cristo.

Napakaliwanag na n’yan ngayon. Hindi po ba?

Nang marinig nga nila ito, silang mga makasalanan, ay nangasaktan ang kanilang mga puso, at sinabi kay Pedro. . . Mga kapatid. . . at Pedro at. . . ibang. . . mga apostol, Mga kapatid, anong gagawin namin?

⁴⁵² Buweno. Heto na. Ano ’yung dala niya? Ang susi, ang susi sa Kaharian. Nasaan ang Kaharian? Nasa inyo nga. Tama ba? Ang Banal na Espiritu ang Kaharian ng Diyos. Alam natin ’yan. Ipinanganak tayo sa Kaharian, bilang mga lingkod at mga kinatawan. Tingnan n’yo. Nakasabit sa tagiliran niya ang mga susi. “Anong gagawin n’yo sa bagay na ito?” Ito ang unang-unang pagkakataon na nabuksan ang pintuan.

⁴⁵³ Ngayon, ang tanong patungkol sa mangangaral, sa unang-unang pagkakataon, sa may hawak sa susi. Naniniwala akong kapag sinabi niya, “Tumayo ka sa iyong ulo,” matutupad ’yun.

⁴⁵⁴ “Anumang inyong talian sa lupa, ay Aking tatalian sa Langit.” Sige. “Anuman ang sabihin mo, sasabihin Ko ang gayundin. Nasa iyo ang susi.” Sige. Isinuot niya ang susi sa may pintuan.

...Anong gagawin ninyo? *Mga kapatid, anong gagawin namin?*

Nang marinig nga nila ito, sila'y nangasaktan ang kanilang puso, at sinabi...Mga kapatid,...

...sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.

Sapagka't sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa kaniya.

Yun na 'yun magpakailanman. Walang sinuman kailanman, sa anumang panahon, kailanman, ang maaaring sumalangsang Diyan.

⁴⁵⁵ Nung dumating ang iglesya Katolika, sa halip na ilubog, nagwisik sila. Sa halip na gamitin ang Pangalan ni Jesus, ginamit nila, ang "Ama, Anak, at Espiritu Santo." Hindi kailanman itinuro sa Biblia.

⁴⁵⁶ Bawat tao, mula noong panahong 'yun, ay nabautismuhan sa pamamagitan ng paglulubog sa Pangalan ni Jesus Cristo. At ang ilan ngang nailubog na ni Juan Bautista, na nagbautismo kay Jesus, hayan nga't sinabi sa kanila ni Pablo na hindi nila matanggap sa ganoong paraan ang Banal na Espiritu. Dapat nga silang bumalik at mabautismuhan, muli, sa Pangalan ni Jesus, bago nila matamo ang Banal na Espiritu. Ilan po rito ang nakakaalam na 'yun ang sinasabi sa Kasulatan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mga Gawa, sa ika-19 na kabanata. Hayan nga. Sapagkat, ang Kaharian ng Langit ay sinelyuhan laban sa anumang ibang paraan, sa pamamagitan ng panunumpa ni Jesus Cristo, at iyon ay ipatutupad sa Langit.

...Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, ... tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.

Sapagkat, sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, ... sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa kaniya.

Amen. Tayo'y manalangin.

⁴⁵⁷ Diyos, Ama, sa gabing ito, labinsiyam na raang taon na halos ang nakakalipas, ngunit sa kabila noon ang katapatan at integridad ng mga puso ng tao ay humihibik pa rin sa Diyos, gaya ng mga anak na humihibik para sa gatas ng suso ng kanilang ina. Iniibig Ka po namin, Panginoon. Hindi kami mabubuhay nang wala Ka. Gaya ng sinabi ni David, "Ang kaluluwa ko ay nauuhaw sa Iyo, kung papaano ang usa sa pagkauhaw sa

tubig ng batis.” Kinakailangan nga niya Itong matamo, kundi ay mamamatay siya.

⁴⁵⁸ At, Ama, tinugaygay namin ang buong Kasulatan, nang pabalik-balik. Hindi upang maiba kami, kundi dahil nakikita namin ang mga seminaryo, itong mga estudyante ng teolohiya sa panahon ngayon, na nangangaral ayon sa mga utos ng tao, at hindi sa mga utos ng Diyos. Kung kaya, Panginoon, hindi kami namumuhi sa mga taong iyon, kundi namumuhi kami sa mga bagay na itinuturo nila. Kung kaya, Panginoon, hinihiling po namin na sila’y maging kapatid namin nawa. Hinihiling namin na patawarin Mo sila sa kanilang kamalian. At idinadalangin po namin na manumbalik sila sa Kasulatan, basahin Ito, hindi sa paraan ng pagkaturo Rito ng kung anong seminaryo, kundi sa paraang isinulat Ito ng Diyos.

⁴⁵⁹ Idinadalangin namin, Diyos, ngayon, na ang mga nagsilapit ngayong gabi para mabautismuhan, habang lumalakad ang aming magiting na pastor patungo sa pulpitong ito rito, upang ipangaral ang Ebanghelyo, ang siya ring Ebanghelyong ito, at pagkatapos ay sa dakong pagbabautismuhan, upang maglubog, ipagkaloob Mo, Panginoon, na matanggap ng bawat isa sa kanila ang Banal na Espiritu, ‘pagkat nangako Ka, “Tatanggapin ninyo ang Espiritu Santo.” Nawa’y ang Espiritu ng Diyos ay naghihintay sa ibabaw ng tubig, upang tanggapin ang mga nagsilapit upang mabautismuhan ngayong gabi, hayan nga’t itinatagubilin namin sila sa Iyong mga kamay, sa Pangalan ni Jesus. Amen.



ANG AKLAT NG MGA HEBREO

Ang labing-isang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham na orihinal na ipinangaral sa Ingles mula Agosto 21 hanggang Setyembre 22, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice Of God Recordings.

TAGALOG

©2016 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org